



My Job Search (Ang Paghahanap Ko ng Trabaho)

SELF-RELIANCE

PAMBUNGAD

MATUTULUNGAN BA AKO NG GRUPONG ITO NA MAKAHANAP NG TRABAHO?

Hindi madaling humanap ng trabaho, pero tutulungan ka ng self-reliance group na ito na matutuhan ang pinakamahasay na paraan para makahanap ng trabaho at magtagumpay. Sa mga miting ng grupo, mangangako kang gagawin ang ilang partikular na gawain, at bibigyan ka ng grupo ng mga ideya at palalakasin ang loob mo. Ang mithiin ng grupong ito ay hindi lang para tulungan kang makahanap ng trabaho; ito rin ay para tulungan ka na mas sumunod at manampalataya sa Panginoon at tumanggap ng Kanyang ipinangakong mga pagpapala na self-reliance sa temporal at espirituwal.

ANO ANG SELF-RELIANCE GROUP?

Ang self-reliance group ay iba sa karaniwang klase, lesson, at workshop sa Simbahan. Walang mga guro, lider, o trainer dito. Ang mga miyembro ng grupo ay magkakasamang natututo at sinusuportahan at hinihikayat ang isa't isa. Itinuturing nating responsibilidad ng bawat isa ang mga ipinangako nating gawin at nagpapayuhan tayo para solusyunan ang mga problema.

ANO ANG GINAGAWA NG MGA GROUP MEMBER?

Sa mga miting, ang mga group member ay nangangako na kikilos. Hindi lang tayo *nag-aaral* kundi *ginagawa* rin ang mga bagay na tutulong sa atin na maging self-reliant. Nangangako tayo, tinutulungan ang isa't isa na matupad ang mga pangakong iyon, at nagrereport ng progreso natin. Dahil ang grupo ay kumikilos bilang isang council, mahalagang dumalo sa mga miting nang regular at nasa oras. Palaging dalhin ang workbook na ito, ang mga booklet na *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)*, at *My Foundation: Principles, Skills, Habits (Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, Gawi)*. Ang bawat miting ng grupo ay tatagal nang mga dalawang oras. Ang paggawa ng ating mga ipinangakong gagawin ay aabot nang isa o dalawang oras kada araw.

ANO ANG GINAGAWA NG FACILITATOR?

Ang mga facilitator ay hindi mga eksperto sa trabaho o pagtuturo. Hindi nila pinamumunuan o tinuturuan ang grupo. Tinutulungan lang nila ang grupo na sundin nang eksakto ang mga materyal ayon sa nakasaad rito. Ang self-reliance specialist ang karaniwang facilitator sa mga miting ng grupo; gayunpaman, maaaring mag-assign ng mga group member para maging facilitator makaraan ang ilang linggo, kung kinakailangan. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang *Leader Guider* at mga kasamang video sa srs.lds.org.

CERTIFICATE OF COMPLETION

Ang mga group member na nakadalo sa mga miting at tinupad ang kanilang mga pangako ay kwalipikadong tumanggap ng self-reliance certificate mula sa LDS Business College. Tingnan sa pahina 29 sa *My Foundation* para sa mga requirement.



“Walang problema sa pamilya, ward, o stake na hindi malulutas kung maghahanap tayo ng solusyon ayon sa pamamaraan ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapayo—talagang pagpapayo—sa isa’t isa.”

M. RUSSELL BALLARD,
Counseling with Our Councils, binagong edisyon (2012), 4

MGA NILALAMAN

1. Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?	1
2. Paano ko maipapakita na may tiwala ako sa aking sarili?	21
3. Paano ko mapapasok ang mga “hidden” job market?	35
4. Paano ko maipapakita na ako ang karapat-dapat na piliin kaysa sa iba?	53
5. Paano ko pabibilisin ang aking paghahanap ng trabaho?.....	77
6. Paano ako magiging mahusay sa trabaho at patuloy na magtagumpay?	95
7. Ano ang mga mabibigat kong hamon sa trabaho ngayon?.....	113
8. Ano ang mga mabibigat kong hamon sa trabaho ngayon?.....	121
9. Ano ang mga mabibigat kong hamon sa trabaho ngayon?.....	129
10. Ano ang mga mabibigat kong hamon sa trabaho ngayon?.....	137
11. Ano ang mga mabibigat kong hamon sa trabaho ngayon?.....	145
12. Ano ang mga mabibigat kong hamon sa trabaho ngayon?.....	153
Job Search Success Map.....	163

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc.

Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/13

Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/13

Pagsasalin ng *My Job Search*

Tagalog

12375 893



1

*Paano ako makakahanap
ng mga tamang job
opportunity?*

My Job Search

PARA SA MGA FACILITATOR

Sa araw ng miting:


- I-text o tawagan ang mga miyembro kung mayroon kang contact information nila. Itanong kung pupunta sila sa miting. Anyayahan silang dumating nang mas maaga ng 10 minuto para lumagda sa attendance roll.
- Ihanda ang mga materyal na gagamitin sa miting:
 - Magdala ng kopya ng workbook na ito at ng booklet na *My Foundation: Principles, Skills, Habits* para sa bawat group member.
 - Magdala ng limang ekstrang kopya ng booklet na *My Path to Self-Reliance* sakaling hindi nakatanggap ng kopya ang mga group member.
 - Maghanda ng paraan na maipanood ang mga video, kung posible.
 - Walang mga aklat o mga video? Maaari mong makuha ang mga ito online sa srs.lds.org.

30 minuto bago magmiting:

- layos ang mga upuan paikot sa isang mesa para magkakalapit ang lahat.
 - Ang facilitator ay hindi nakatayo sa oras ng miting at hindi nakapupo sa kabisera. Ang facilitator ay hindi dapat maging sentro ng atensyon kundi siyang dapat na tumulong sa mga group member na magpokus sa isa't isa.

10 minuto bago magmiting:


- Masayang batiin ang mga miyembro ng grupo pagdating nila. Alamin ang kanilang mga pangalan.
- Magpasa ng papel at ipasulat sa mga group member ang kanilang buong pangalan, ward o branch, at petsa ng kapanganakan (araw at buwan, *hindi taon*). Pagkatapos ng miting ng grupo, magpunta sa srs.lds.org/report at sundin ang mga instruksiyon para mairehistro ang lahat ng group member.
 - Pagkatapos ng unang miting, gumawa ng contact list na ipamimigay sa grupo.
- Mag-assign ng isang timekeeper para hindi lumampas sa oras ang grupo. Ipa-set sa kanya ang timer gaya nang nakasaad sa aklat.
 - Halimbawa, may makikita kayong instruksiyon na nagsasabing “Oras: I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.” Ise-set ng timekeeper ang oras sa isang phone, relo, o iba pang magagamit na timer at sasabihin sa grupo kapag tapos na ang oras. Pagkatapos ay magpapasiya ang grupo kung sisimulan na ang susunod na section o itutuloy ang kanilang talakayan nang ilan pang minuto.



1: Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?

Sa pagsisimula:

- Sabihin: “Welcome sa self-reliance group na ito.”
- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone o iba pang device.
- Sabihin ang mga sumusunod:
 - “Ito ang self-reliance group na tinatawag na ‘My Job Search.’ Narito ba kayong lahat para magkaroon ng trabaho o paghusayin pa ang trabaho ninyo?”
 - “Ang pagkakaroon ng trabaho ay bahagi lamang ng ating mithiing maging self-reliant. Pagkatapos nating makahanap ng trabaho, patuloy tayong magpapakahusay. Pupunta ba kayo sa mga miting ng grupo, kahit may trabaho na kayo?”
 - “Magmimiting tayo nang 12 beses. Ang miting ay tatagal nang mga dalawang oras. Mag-uukol din tayo ng isa hanggang dalawang oras kada araw sa pagtupad ng ating mga pangako na makakatulong sa atin na makakuha ng trabaho. Maipapangako ba natin ito?”
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung gusto).
- Sabihin ang mga sumusunod:
 - “Tuwing magmimiting tayo, magsisimula tayo sa isang paksa mula sa booklet na tinatawag na *My Foundation: Principles, Skills, Habits*. Ang booklet na ito ay tutulong sa atin na matutuhan at maipamuhay ang mga principle (alituntunin), skills (kasanayan), at habit (gawi) na hahantong sa pagiging self-reliant sa espirituwal at temporal.”
- **I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation*.**
- Basahin ang pambungad na liham ng Unang Panguluhan sa pahina 2 ng *My Foundation*. Pagkatapos ay gawin ang alituntunin 1 sa booklet na iyan at balikan ang workbook na ito.



My Foundation: Principles, Skills, Habits (Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, at Gawi)

SELF-RELIANCE

1: Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?



MATUTO

ANO ANG GAGAWIN NATIN SA GRUPONG ITO?

- Oras:** I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.
- Basahin:** Para maunawaan ang layunin ng self-reliance group na ito, pumunta sa inside front cover ng workbook na ito at basahin ang pambungad. Narito tayo para tulungan ang isa't isa na makahanap ng mga bagong trabaho o mas magandang trabaho. May mas malaking mithiin din tayo: ang maging self-reliant para mas mapaglingkuran natin ang iba.
- Praktisin:** Ang mga nagsasagawa ng mga alituntunin na pag-aaralan natin ay kadalasang nakakahanap agad ng trabaho. Kaya sulit ito! Magpunta sa Job Search Success Map sa huling pahina ng workbook na ito at magsalitang basahin ito.
- Basahin:** Bawat araw, pagbutuhin natin ang paghahanap ng trabaho. Simula ngayon, magpopokus tayo sa pagsagot ng anim na tanong sa Job Search Success Map para sa ating sarili. Gagawa tayo ng mga pangako, kikilos, at irereport ito sa grupo. Sama-sama tayong magtatagumpay!
- Kahit nakahanap na tayo ng trabaho, patuloy pa rin tayong pupunta sa mga miting ng grupo para pag-aaralan at gawin ang mga alituntunin sa *Foundation*. Patuloy nating tutulungan ang ating mga kagrupu at tutulungan din tayo ng grupo sa mga hamon natin sa paghahanap ng trabaho.
- Narito ang tanong at gagawin sa linggong ito.



Basahin: TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?

GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Ihanda at praktisin ang “me in 30 seconds” at iparinig ito sa lahat ng dapat makarinig nito. Isiping gawin ang Accelerated Job Search (opsyonal na aktibidad).

Tutulungan tayo sa miting na ito na sagutin ang tanong na ito at gawin ang mga aksyong ito.

Praktisin: Gawin muna natin ang unang aksyon bilang grupo. May limang minuto tayo para magpasiya kung ano ang itatawag natin sa ating grupo.

Isulat ang pangalan ng grupo sa ibaba:

ANO ANG MAIPAPAKITA KONG MGA KATANGIAN?

Talakayin: Naranasan mo na bang mahiyang magsabi sa mga tao na kailangan mo ng trabaho?

Basahin: Hindi tayo dapat mag-alala! Kinailangan ng lahat ng tao ng trabaho. Lahat tayo ay may kani-kanyang talento at karanasan. Bukod pa ryan, tayo ay mga anak ng Diyos. Lahat tayo ay maaaring magtagumpay! Kailangan nating sabihin sa lahat na kailangan natin ng magandang trabaho at karapat-dapat tayo rito!

Praktisin: Bumuo ng mga grupo na may tig-tatlong miyembro. Ayusin nang magkakaharap ang mga silya ninyo, at gawin ang sumusunod.

1. Isa sa inyo ang magsasabi sa iba ng kahit isang accomplishment ninyo. Iklian lang! Puwede ninyong sabihin na: “Nagawaran ako ng ‘best service’ award sa trabaho,” o “Naglingkod ako sa mission” (o ibang tungkulin sa Simbahan), o “Ako ay isang ina.”
2. Ngayon, sasabihin sa inyo, nang mabilis hangga’t maaari, ng dalawang kagrupong ninyo kung anong mga kasanayan at kakayahan ang kailangan para magawa o makamit iyan. Kung sinabi mong, “Nagmisyong ako,” puwedeng sabihin kaagad ng iba na, “Kung gayon malakas ang loob mo, magaling kang estudyante, masipag, isang lider, social worker, may mithiin sa buhay, marunong makisama sa tao, isang guro, mahusay magplano, at kayang gumawa ng mahirap na bagay.”
3. Ulitin ang prosesong ito sa bawat tao sa grupo ninyo.

Talakayin: Ano ang naramdaman ninyo nang sabihin ng iba ang mga talento at kasanayan ninyo?

Basahin: Sa kahon na ito, bilugan ang mga accomplishment ninyo at isulat ang iba pa. Huwag mahiya. Pagkatapos ay bilugan ang mga kakayahang, kasanayan, at katangian at isulat ang iba pa. Tingnan ang inyong sarili tulad ng pagkakita sa inyo ng Ama sa Langit!

MGA ACCOMPLISHMENT (MGA NAGAWA AT NAKAMIT) <i>(Bilugan at magsulat pa ng iba)</i>		MGA KAKAYAHAN, KASANAYAN, AT KATANGIAN <i>(Bilugan at magsulat pa ng iba)</i>	
Mga tungkulin sa Simbahan	_____	Matapat	Masipag _____
Misyong	_____	Mga kasanayan o skills sa pagbebenta	Mabuting tagapakinig _____
Magulang	_____	Maaasahan	Mabait _____
Mga nakuhang award sa trabaho	_____	Mga kasanayan o skills sa paglilinis	Mahusay sa mga makina _____
Edukasyon	_____	Komunikasyon	Goal-setter _____
Pamumuno	_____	Guro	Maparaan _____
Service awards	_____	Matalino	Maintenance _____
Namuno sa mga miting	_____	Konstruksyon	Mapagtiis _____
Nakapagbenta	_____	Malikhain	Mabuting pagkatao _____
Nakagawa ng magandang bagay	_____	Mabilis matuto	Team builder _____
Nagtalumpati	_____	Tagapagplano	Maganda ang pananaw _____

PAANO KO SASABIHIN SA IBA ANG TUNGKOL SA SARILI KO?

Basahin: Alam mo na ngayon na marami kang magagawa at magagandang katangian! Para makahanap ng magandang trabaho, kailangan mong sabihin sa mga tao kung paano mo magagamit ang iyong mga kasanayan para matulungan sila—at kailangang sabihin mo sa kanila ito kaagad at nang may determinasyon. Kasama ang buong grupo, magsalitan sa pagbabasa ng “Pagpapakilala ni Sofia.”

PAGPAPAKILALA NI SOFIA

Hello! **1** Ang pangalan ko ay Sofia Gonzalez, at **2** gusto kong magturo sa pribadong paaralan. **3** Limang taon akong nagturo sa paaralan at may certificate in education. Matataas ang nakukuhang marka ng mga estudyante ko. **4** Ako ay masayahing guro, at ipinapakita sa akin ng mga estudyante ko ang lahat ng kanilang makakaya.

1 Pangalan **2** Layunin **3** Kwalipikasyon **4** Katangian

Praktisin: Ngayon, gumawa ng sariling pagpapakilala gamit ang apat na bahaging ito. Magsulat sa mga linya sa ibaba. Gawin ito sa loob ng 2-3 minuto. Isama ang:

1. Pangalan mo _____
2. Trabahong gusto mo (layunin) _____
3. Bakit magagawa mo nang mahusay ang trabahong iyan (mga kwalipikasyon)

4. Ilang katangian o kasanayan na tutulong sa iyo na magtagumpay sa trabahong iyon

Ang ganitong pagpapakilala ay tinatawag “me in 30 seconds” statement. Isa-isang tumayo at ipakilala ang mga sarili ninyo gamit ang “me in 30 seconds.” Huwag itong palampasin nang 30 segundo. Palakpakan natin ang isa’t isa!

Tip sa paggawa ng “Me in 30”: Iklian lang ito! Ilang segundo lang makikinig ang mga tao.

Basahin: Ang “Me in 30 seconds” ay magandang paraan ng pagpapakilala sa sarili, lalo na kung partikular na sinasabi nito ang katangian ninyo. Mas mabisa kapag nagdaragdag tayo ng tanong sa dulo na depende sa taong kausap natin. Pinraktis ni Sofia na magdagdag ng iba’t ibang tanong sa kanyang pagpapakilala, depende sa taong kausap niya:

Kaibigan, pamilya: Sino ba ang kakilala mong teacher o may-ari ng eskwelahan?

Sekretarya: Maaari ko bang makausap ang may-ari na si Mrs. Gomez?

Employer: Paano makakatulong sa iyo ang experience ko sa trabaho?

Dapat nating ipakilala ang sarili natin sa maraming tao hangga’t maaari para ipaalam sa kanila na handa tayong magtrabaho.

Praktisin: Mag-ukol ng ilang minuto sa pagsulat muli ng “me in 30 seconds.” Pagandahin ito. Magdagdag ng partikular na mga kwalipikasyon at katangian. Magdagdag ng isang maitatanong ninyo kapag nakikipag-usap sa employer.

Tanong: _____

Praktisin: Bilang grupo, gawin ang sumusunod na aktibidad: Ito ay dapat magtagal lang nang lima hanggang anim na minuto.

1. Tumayo ang lahat at lumipat sa isang maluwang na espasyo. Dapat may kaharap na isang tao ang bawat isa.
2. Sabihin ang “me in 30 seconds” sa kapartner ninyo.
3. Pagkatapos ang kapartner naman ang magsasabi ng “me in 30 seconds” statement.
4. Ibigay kaagad ang feedback na ito sa isa’t isa:
 - Naroon ba lahat ang apat na bahagi? (pangalan, layunin, kwalipikasyon, katangian)
 - Nagtapos ba ito sa tanong?
 - Kinakitaan ba ito ng katapatan at tiwala sa sarili? Kapani-paniwala ba ito?
 - Ngumiti ba ang tao?
 - Gugustuhin mo bang i-refer ang taong ito o bigyan ng trabaho?
5. Magpalitan ng partner at gawin itong muli. At muli!
6. Gawin ito nang mabilis hanggang maulit ito ng lahat nang limang beses.

1: Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?

Basahin: Mula ngayon, hindi na tayo mahihiyang sabihin sa mga tao na naghahanap tayo ng trabaho. Maibubuka natin ang ating mga bibig at masasabi sa *lahat* na naghahanap tayo ng trabaho at kung gaano tayo kakwalipikado!

Handa na ba tayong lumabas at sabihin ang “me in 30 seconds” sa lahat ng dapat sabihan bago tayo magkitang muli sa susunod na miting? Gagawin ba natin ito?

OPSYONAL NA AKTIBIDAD: ACCELERATED JOB SEARCH

(HUWAG GAWIN ITO SA ORAS NG MITING.)

*Sa ating panlimang miting, pag-aaralan natin ang isang paraan na mapapabilis natin ang paghahanap ng trabaho. Gayunpaman, **kung nais na ninyong pabilisin ngayon ang paghahanap ng trabaho**, maaari na ninyong gawin ang aktibidad na ito bago ang susunod na miting. Maaari ninyong gawin ito nang mag-isa o may mga kasama.*

Para mas mabilis kayong magtagumpay, maaari ninyong pag-aralan ang “Accelerated Job Search” sa section na Mga Resources, mga pahina 15–20. Talakayin at pag-aralan ito kasama ang inyong pamilya, kagrupo, o isa pang kaibigan. Lumabas at gawin ito—maghanap ng mga resources, kausapin ang mga contact, at makipagmiting sa mas maraming tao hangga’t maaari. Malamang na umabot ito nang dalawa hanggang apat na oras kada araw.

Ang paghahanap ng trabaho ay matrabaho! Pero kapag sinusunod ng mga tao ang huwarang ito, mas mabilis silang makakakuha ng trabaho.

Kung gusto ninyong gawin ang aktibidad, bumalik at magreport sa grupo pagkatapos. Ang karanasan ninyo ay makakatulong sa ibang mga group member!

PAANO KO MATALINONG MAPAPANGASIWAAN ANG PERA KO?

- Basahin:** Kabilang sa pagiging self-reliant ang paggasta nang mas maliit sa kinikita natin at pag-iipon ng pera. Ang pag-iipon ay makatutulong sa atin na matugunan ang di-inaasahang mga gastusin o tutulong sa atin na maglaan para sa ating sarili at sa ating mga pamilya kapag mas mababa kaysa inaasahan natin ang ating kita. Bilang bahagi ng grupong ito, nangangako tayong mag-iipon linggu-linggo, kahit kaunti.
- Talakayin:** Sa ilang lugar, magandang ideya na mag-iipon sa bangko. Sa ibang lugar, hindi ito magandang ideya, halimbawa nito ay kapag ang isang bansa ay may mataas na inflation o kapag hindi matatag ang mga bangko. Maganda bang mag-iipon sa bangko sa inyong lugar? Anong bangko ang nagbibigay ng pinakamataas na interest rate para sa savings?
- Basahin:** Isa pang bahagi ng self-reliance ay ang kawalan ng utang. Nangunutang tayo para may pangastos tayo sa hindi kayang bilhin ng pera natin. Pinayuhan tayo ng mga propeta na iwasang manguutang, at habang mas nagiging self-reliant tayo unti-unti nating mababawasan at mababayarang lahat ang ating utang (gayunpaman makakatulong ding umutang para sa negosyo kung kailangan). Ang mga medical emergency ay kadalasang nagdudulot ng malaking problema sa pera. Ang insurance at healthcare program ng gobyerno ay karaniwang nakatutulong na maiwasan ang mga problemang ito. Ang pagkakaroon ng insurance o pagsali sa medical program ng gobyerno ay mahalagang bahagi ng ating landas patungong self-reliance.
- Talakayin:** Ang ilang uri ng insurance (tulad ng health insurance at life insurance) ay mas madaling makuha at mas makakatulong kaysa sa ibang uri ng insurance. May mga insurance provider na tapat at mayroong hindi. Ano ang pinakamagandang opsyon sa insurance sa inyong lugar?

BAKIT NAIS NG PANGINOON NA MAGING SELF-RELIANT TAYO?

Talakayin: Bakit nais ng Panginoon na maging self-reliant tayo?

Basahin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan.

Talakayin: Paanong ang pagsisikap nating magkatrabaho ay nagiging “banal na layunin,” tulad ng sabi ni Elder Christofferson?

Basahin: Ang Tagapagligtas ay may kakayahang tulungan tayong maging self-reliant. Sinabi niya, “Masdan, ako ang Diyos; at ako ay Diyos ng mga himala” (2 Nephi 27:23). Kapag inilaan natin ang ating mga pagsisikap para magtagumpay sa ating trabaho sa banal na layunin na maging self-reliant, gagabayan tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng inspirasyon. Kapag ipinapakita natin ang ating pananampalataya sa pakikinig at pagsunod sa Kanyang mga pahiwatig, gagawa ang Panginoon ng mga himala at higit na pag-iibayuhin ang ating mga pagsisikap kaysa magagawa natin para sa ating sarili.

“Ang paglalaan ay pagtatalaga sa isang bagay bilang sagrado, na inilaan para sa mga banal na layunin.”

D. TODD CHRISTOFFERSON,
“Larawan ng Isang Buhay na Inilaan,” *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2010, 16



PAG-ISIPANG MABUTI

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA HUMUSAY?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isi-pang Mabuti.

Praktisin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o umisip ng ibang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan mo. Isulat sa ibaba ang anumang impresyon mo.

Talakayin: Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi ng ideya?

“Magsumamo kayo sa [Diyos] para sa mga pananim ng inyong mga bukid, upang kayo ay umunlad sa mga yaon. Magsumamo kayo para sa mga kawan ng inyong mga bukid upang sila ay dumami.”

ALMA 34:24-25



MANGAKONG GAWIN

PAANO AKO MAGKAKARON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

- Oras:** I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.
- Basahin:** Bawat linggo, pipili tayo ng “action partner.” Ito ay group member na tutulong sa ating magawa ang mga ipinangako natin. Ang mga action partner ay dapat makipag-ugnayan sa isa’t isa sa buong linggo at ireport ang progreso sa isa’t isa. Karaniwan, ang mga action partner ay parehong babae o parehong lalake at hindi magkamag-anak.
- Praktisin:** Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo mag-uusap.

Pangalan ng action partner

Contact information

Basahin nang malakas sa action partner mo ang pangako mo. Mangakong gagawin ang mga ipinangako mo! Lumagda sa ibaba.

ANG AKING MGA PANGAKO

Gagamitin ko ang “me in 30 seconds” sa kahit 20 tao lang.

Bilugan ang mithiin: 20 30 40

Gagawin ko ang alituntunin sa *My Foundation* na pinag-aaralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking ipon—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

Ang aking lagda


Lagda ng action partner

PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

- Panoorin:** “Pagkilos at Pangako” (Walang video? Basahin sa pahina 14.)
- Basahin:** Kapag inirereport natin ang mga pangako natin, mas malamang na tuparin natin ang mga ito. Basahin ang banal na kasulatan sa kanan.
- Praktisin:** Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi,” o ang bilang kung ilang beses mong ginawa ang iyong ipinangakong gawin.

Ginamit ang “me in 30 seconds” sa 20 tao (Isulat ang #)	Isinagawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)

- Basahin:** Alalahanin din na irekord at i-monitor ang sariling gastusin sa likod ng iyong *My Path to Self-Reliance* booklet.
- Sa susunod na miting ng grupo, isusulat ng facilitator ang commitment chart sa pisara (tulad ng nasa itaas). Darating tayo nang 10 minuto bago magsimula ang miting at isusulat ang ating progreso sa chart.
- Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. Ipabasa sa kanya ang inside front cover ng workbook na ito para malaman kung ano ang ginagawa ng mga facilitator. Kailangang gawin din niya ang ginawa ng facilitator ngayon:
- Anyayahan ang Espiritu; anyayahan ang mga group member na hangarin ang Espiritu.
 - Magtiwala sa mga materyal; huwag magdagdag; gawin lamang ang sinasabi rito.
 - Pangasiwaan ang oras.
 - Dagdagan ang sigla; magkatuwaan!
- Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.



“Kapag sinukat ang paggawa, humuhusay ang paggawa. Kapag sinukat at iniulat ang paggawa, mas lalo pang humuhusay ang paggawa.”

THOMAS S. MONSON, sa *Conference Report*, Okt. 1970, 107

Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.

Paalala sa Facilitator:

Alalahanin din na irehistro ang lahat ng group member sa srs.lds.org/report.

Alalahanin din na gumawa ng mga kopya ng group contact information para sa susunod na miting.

Mga Resources

PAGKILOS AT PAGGAWA NG PANGAKO

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

GROUP MEMBER 1: Naniniwala kami na mahalagang gumawa at tumupad ng mga pangako. Sa mga self-reliance group namin, lahat ng ginagawa ay nakatuon sa paggawa ng pangako at pagrereport.

GROUP MEMBER 2: Sa katapusan ng miting ng grupo, nirerepaso namin ang mga ginawa namin para sa linggong ito at idinaragdag ang aming lagda para ipakita na tumupad kami sa aming pangako.

Pumipili rin kami ng “action partner.” Lalagdaan ng aming action partner ang workbook para magpakita ng suporta. At bawat araw sa pagitan ng mga miting, kinokontak namin ang aming action partner para ireport ang mga ginawa namin at humingi ng tulong kapag kailangan.

GROUP MEMBER 3: Sa pagitan ng mga miting, minamarkahan namin ang progreso namin sa workbook at ginagamit ang mga ibinigay na tools, gaya ng worksheets o iba pang forms. At kung kailangan pa namin ng tulong, puwede kaming magpatulong sa aming pamilya, mga kaibigan, o sa facilitator.

GROUP MEMBER 4: Sa simula ng aming susunod na miting, bumabalik kami at nagrereport tungkol sa mga ipinangako naming gawin. Dapat ito ay hindi makaasiwa kundi maging kapaki-pakinabang

sa lahat. Habang nagrereport ang bawat group member, isipin kung paano nakatulong sa kanya ang paggawa ng pangako at pagrereport ng progreso.

GROUP MEMBER 1: Nang una akong magreport ng tungkol sa ipinangako kong gawin, naisip ko, “Nakakapagtaka ito.” Bakit pagmamalasakitan ng mga kagrupo ko ang ginawa ko? Pero nakita ko na talagang may malasakit sila. At nakatulong iyon sa akin.

GROUP MEMBER 2: Nadama ko na ayokong biguin ang grupo ko. Kaya talagang masigasig kong ginawa ang ipinangako ko. Baka hindi ako nagkaroon ng patuloy na progreso kung hindi ito nangyari. Ang pagrereport tuwing miting ay talagang nakatulong sa akin na magawa ang mga priyoridad ko.

GROUP MEMBER 3: Nang pag-isipan ko ang landas patungong self-reliance, natakot ako kasi napakalaking gawain ito. Pero nakatulong sa akin ang mga miting ng grupo na gawin ito nang paisa-isang hakbang. At inireport ko ang bawat hakbang sa grupo. Dahil diyan talagang nagkaroon ako ng progreso. Palagay ko nagtagumpay ito dahil sa nagbago ako ng mga gawi.

Bumalik sa pahina 13

ACCELERATED JOB SEARCH (OPSYONAL NA AKTIBIDAD)

Pag-aralan at isagawa ang mga materyal na ito para mapabilis ang paghahanap mo ng trabaho! Magagawa mo ito kasama ang iyong pamilya, kagrupo, o isa pang kaibigan o mentor.

Panoorin: “Rafael: Nagkatrabaho Pagkaraan nang 6 na Araw!” (Para mapanood ang video, magpunta sa srs.lds.org.)

Talakayin: Ano ang nakatulong kay Rafael na makahanap ng trabaho?

Basahin: Ang Accelerated Job Search ay mabisang strategy sa araw-araw na paghahanap ng trabaho. Sa ilang lugar na gumagamit ng pamamaraang ito, naging 20 araw na lang ang paghahanap ng trabaho sa halip na 200 araw! Kailangan dito ang matinding pagsisikap. Kabilang dito ang tatlong bagay na gagawin araw-araw:

- Tumukoy ng 15 bagong resources.
- Magkaroon ng 10 contact.
- Magkaroon ng 2 personal o harapang miting o interbyu.

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Mga Resources” (Para mapanood ang video, magpunta sa srs.lds.org, o basahin ang sumusunod.)

Sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, itinuro sa atin na “ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban. . . . Sapagkat ang kapangyarihan ay nasa kanila, kung saan sila ay kinatawan ng kanilang sarili.” At ang utos na ito ay may kasamang pangako: “At yayamang ang tao ay gumagawa nang mabuti hindi mawawala sa kanila ang kanilang gantimpala” (D at T 58:27–28).

Nauunawaan ng mahuhusay humanap ng trabaho na “ang kapangyarihan ay nasa kanila,” at tutulungan sila ng Diyos kung sila ay “sabik sa paggawa.” Tatalakayin natin ang strategy na subok nang mabisa sa paghahanap ng trabaho sa tatlong bahagi. Ang tawag dito ay Accelerated Job Search.

Una, ang matatagumpay na nakakahanap ng trabaho ay nakakapagtukoy ng 15 bagong resources araw-araw. Pangalawa, nagkaroon sila ng 10 contact kada araw. At pangatlo, mayroon silang kahit 2 harapang pakikipag-usap o interbyu kada araw.

Sa una, parang mahirap gawin ang Accelerated Job Search. Pero habang tinatalakay natin ang bawat aspeto, makikita mo na talaga palang posibleng mangyari ito—at epektibo!

Magsimula tayo sa mga resources. Ano ang resource? Ang resource ay tao, lugar, o bagay na makakatulong sa job seeker na magkaroon ng oportunidad.

Ang mga tao ay maaaring mga kaibigan at pamilya, mga miyembro at lider ng Simbahan, employer o kasamahan sa trabaho, guro sa paaralan at career counselor, mga empleyado sa tindahan—halos lahat ng puwedeng makapagbigay sa iyo ng makakatulong na impormasyon at karagdagang resources na may kinalaman sa trabaho.

may karugtong

1: Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?

Ang mga lugar ay maaaring chambers of commerce, mga lokal na ministry of employment, at mga samahang pangmamamayan o pang propesyonal. Bawat isa sa mga ito ay nagbibigay ng impormasyon na makakatulong.

At kabilang sa mga bagay na makapagpapabilis ng paghahanap ay ang mga business at telephone directory, mga web page ng kumpanya, ang Internet, mga trade journal at magasin, pahayagan, at iba pang mga media outlet.

Maglista ng kahit 15 nito araw-araw!

Praktisin: Gumawa ng tatlong column sa isang papel. Isulat ang “Mga Resources,” “Mga Contact,” at “Mga Miting” sa itaas ng mga column. Punan na ngayon ang papel na ito ng pinakamaraming resources na maisusulat mo sa unang column. Ang mga ito ay mga tao, lugar, at mga bagay na may impormasyong makakatulong sa iyo! Narito ang ilang halimbawa. Pupunan mo ang iba pang column kalaunan.

MGA RESOURCES (gumawa ng listahan)	MGA CONTACT (telepono, email)	MGA MITING (harapang pag-uusap)
Internet sites	Mga miyembro ng Quorum o Relief Society	Mga potential employer
Mga pahayagan	Mga taong nakatrabaho mo	Mga home teacher
Trabaho	Mga guro	Mga miyembro ng Simbahan
Self-reliance center	Mga taong nakilala mo sa tindahan	

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Mga Contact” (Para makita ang video, magpunta sa srs.lds.org, o basahin ang sumusunod.)

Ngayon, pag-usapan natin ang mga contact. Ang contact ay hindi lang pagpapadala ng résumé o pag-fill-out ng application. Sa lahat ng mga resources na natukoy mo, kailangan mo ng 10 contact na

may karugtong

may kinalaman sa trabaho.

Ang mga contact ay kinabibilangan ng anumang pakikipag-ugnayan mo sa mga tao na may kinalaman sa trabaho: pag-apply ng trabaho; pagpapadala ng résumé o thank-you note; pagsasabi sa mga kaibigan, pamilya, at mga miyembro ng Simbahan na naghahanap ka ng trabaho—makakatulong ang mga text message o email. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iba pang mga networking contact at, siyempre, sa mga potential employer. Humanap ng iba't ibang oportunidad na makaugnayan ang mga tao at ipaalam sa kanila na naghahanap ka ng trabaho. Karamihan sa mga tao ay matutuwang ipakilala ka sa ibang kakilala nila. Ang mga koneksyong ito ay humahantong sa mga interbyu, na humahantong sa mga trabaho!

Praktisin: Ngayon, gamitin ang papel mo sa paglista ng maraming tao hangga't maaari na makokontak mo bago ang susunod na miting. Tandaan—huwag mahiya. Humanap ng paraan na makagawa ng 10 kada araw!

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Mga Miting” (Para makita ang video, magpunta sa srs.lds.org, o basahin ang sumusunod.)

Sa huli, natutuhan ng mahuhusay humanap ng trabaho na mahalaga na talagang may makausap na kahit dalawang tao, nang harapan, kada araw. Maaaring ito ang pinakamahalaga mong magagawa sa bawat araw. Bakit? Kapag nagmimiting o nag-iinterbyu nang harapan mas nakakapag-usap at nagkakaunawaan. Ang mga tao ay kadalasang “nagsasalita” sa pamamagitan ng galaw ng katawan at ekspresyon ng mukha. At ang mga mensaheng ito na di-berbal ay hindi naipaparating sa pamamagitan ng email o telepono. Sa personal, makikita at madarama ng mga tao kung gaano kayo kahusay!

Gayundin, kapag personal o harapan kayong nag-uusap kadalasang nakikita at napapakiramdaman mo ang kapaligiran na maaari mong pagtrabahuhan. Maoobserbahan mo kung paano nakikipag-ugnayan ang mga tao, kung gaano sila kabait o kasaya, ang tagumpay ng organisasyon, anong mga pangangailangan at oportunidad ang naroon, at kung paano mo tutugunan ang mga pangangailangang iyon. Anumang uri ng interbyu ay napakagandang pagkakataon!

Ngayon, hindi lahat ng dapat kausapin nang harapan araw-araw ay mga potential employer. Maaari ka ring makipag-usap sa iba pang mga contact, kabilang na ang mga kaibigan, pamilya, at mga kaibigan ng mga kaibigan mo, pati na rin mga secretary, teacher, counselor, o ibang tao na nasa linya ng trabahong gusto mo. Basta makipag-usap sa mga tao! Sabihin sa kanila ang iyong “me in 30 seconds” at itanong sa huli kung may alam silang mapapasukan mo ng trabaho at kung may maipapakilala sila sa iyo na maaaring magbigay sa iyo ng trabaho. Ipagpatuloy lang ang pagsisikap, pagpapatid ng magandang katangian mo, at paghingi ng tulong

may karugtong

1: Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity?

at payo. Napakaganda ng mga susunod na mangyayari!

Ito ang Accelerated Job Search! Bawat araw, kung makakapaglista ka ng 15 resources at magkakaroon ng 10 contact, magiging madaali na ang harapang pag-uusap. Magugulat ka kung gaano nito napabibilis ang paghahanap mo ng trabaho! Gawin ito nang may malakas na pananampalataya, at mabubuksan sa iyo ang mga oportunidad na di mo sukat akalain.

Praktisin: Ngayon, gamitin ang papel mo sa paglista ng maraming tao hangga't maaari na makakausap mo nang harapan bago ang susunod na miting. Isipin kung kailan at saan mo sila puwedeng makausap. Huwag kalimutang gamitin ang iyong “me in 30 seconds” kada miting.

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Pinagsama-sama ang Lahat” (Para mapanood ang video, magpunta sa srs.lds.org, o basahin ang sumusunod.)

Ang tatlong bahagi ng Accelerated Job Search ay hindi magkakahiwalay na aktibidad. Kapag kumilos ka, makikita mo na may mga resources kahit saan. Simulan ang bawat araw sa pagdaragdag sa iyong listahan. At kapag ginawa mo ito, iisipin mo ang mga paraan na makontak ang mga tao, at ang mga pagkontak na ito ay kusang hahantong sa mga pag-uusap.

Ang self-reliance group ay malaking mapagkukunan ng mga resources, contacts, at mga miting. Gayundin ang mga miyembro ng Simbahan, kapitbahay, o kasamahan sa trabaho. Patuloy na magdagdag ng mga resources habang kinakausap mo ang mga contact mo. Humingi ng iba pang mga contact kapag may nakausap ka nang personal. Humiling pa na mainterbyu para sa trabaho sa sinumang makilala mo.

Gamitin ang iyong “me in 30 seconds” statement. Ang Accelerated Job Search ay posibleng mangyari, at masaya ito kapag sinimulan mo na. Kaya huwag nang patagalin pa. Kausapin ang puwede mong kausapin. Laging hingin ang gabay ng Espiritu Santo at manatiling karapat-dapat. Panatilihin updated ang rekord at mag-follow up. Sa pagkilos mo, ipapakita sa iyo ng Panginoon ang daan.

Praktisin: Ngayon tingnan ang iyong papel. Ano ang gagawin mo? Planuhing makahanap ng mga resources, magkaroon ng mga contact, at makipag-usap nang harapan araw-araw. Magpasiya kung kailan mo gagawin ito, at magpatulong sa pamilya o sa action partner mo.

Irekord at i-monitor ang progreso mo sa chart sa kasunod na pahina. Irekord at i-monitor ang mga contact mo sa Contact Follow-Up Form sa pahina 20. Gumawa ng maraming kopya.

ACCELERATED JOB SEARCH TRACKING FORM

Lagyan ng tsek ang mga kahon kapag natapos mo ang bawat aksyon at magdagdag ng tala.

ARAW 1

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 2

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 3

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 4

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 5

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

CONTACT FOLLOW-UP FORM

CONTACT

Tao o organisasyon: _____

Telepono: _____ Address: _____

Email: _____ Ni-refer ako ni: _____

Kinontak ko ang taong ito Oo Hindi Petsa: _____

MGA BAGAY NA TINALAKAY:

1. _____

2. _____

3. _____

MGA GINAWANG FOLLOW-UP:

1. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

2. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

3. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

MGA BAGONG REFERRAL:

1. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

2. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

CONTACT

Tao o organisasyon: _____

Telepono: _____ Address: _____

Email: _____ Ni-refer ako ni: _____

Kinontak ko ang taong ito Oo Hindi Petsa: _____

MGA BAGAY NA TINALAKAY:

1. _____

2. _____

3. _____

MGA GINAWANG FOLLOW-UP:

1. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

2. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

3. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

MGA BAGONG REFERRAL:

1. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

2. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____



2

*Paano ko maipapakita
na may tiwala ako
sa aking sarili?*

My Job Search

PARA SA MGA FACILITATOR

Sa araw ng miting:

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan silang dumating nang mas maaga ng 10 minuto para ireport ang mga ipinangako nilang gawin.
- Ihanda ang mga materyal sa miting. Wala ka bang mga aklat o video? Makukuha mo ang mga iyan online sa srs.lds.org.

30 minuto bago magmiting:

- Ayusin ang mga silya paikot sa mesa para magkakalapit lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara na may mga pangalan ng mga tao sa iyong grupo (tingnan ang halimbawa sa ibaba).

BAGO!

<i>Pangalan ng group member</i>	<i>Ginamit ang "me in 30 seconds" sa kahit 20 tao lang (Isulat ang #)</i>	<i>Isinagawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)</i>	<i>Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)</i>	<i>Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)</i>
<i>Gloria</i>	<i>28</i>	<i>Oo</i>	<i>Oo</i>	<i>Oo</i>

10 minuto bago magmiting:

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Pagdating ng mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

BAGO!

Sa pagsisimula:

BAGO!

- Magpamigay ng mga kopya ng contact information ng mga group member (mula sa huling miting).
- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone o iba pang device.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung nais ninyo).
- Tahimik na sabihin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang mga phone at kumpletuhin ang commitment chart habang ipinagpatuloy ng grupo ang talakayan.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation*.
- Gawin ang alituntunin 2 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.



MAGREPORT

TINUPAD KO BA ANG MGA PANGAKO KO?


- Oras:** I-set ang timer nang 20 minuto para sa section na Magreport.
- Talakayin:** Basahin ang quotation sa kanan. Paano ito naaangkop sa aming grupo?
- Praktisin:** Ireport natin ang mga ipinangako nating gawin. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga ipinangako. (Palakpakan ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga pangako.)
- Basahin:** Ngayon, magsitayo ang lahat. Kailangan nating sikaping tuparin ang lahat ng ating mga pangako. Iyan ang isa sa mga pag-uugaling dapat taglayin ng mga taong self-reliant.
- Habang nakatayo pa tayo, sabihin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements. Ipinapaalala sa atin ng statements na ito ang layunin ng ating grupo:

“At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin.”

Doktrina at mga Tipan 104:15

Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulongan tayong maging self-reliant.

- Basahin:** Magsiupo tayo.
- Talakayin:** Ano ang natutuhan ninyo sa pagtupad sa mga ipinangako ninyo? Paano tayo maaaring makatulong? Payuhan at tulungan natin ang isa't isa sa paghanap ng trabaho. Ito ang pinakamahalagang tatalakayin natin sa miting na ito!
- Ano ang natutuhan ninyo sa pagsasabi ng “me in 30 seconds” sa mga tao? Pinaganda ba ninyo ito? Isinulat ba ninyo ang mga contact ninyo at nag-follow-up?
- May sumubok ba sa inyo ng Accelerated Job Search? May mga resulta ba?



“Kapag sinukat ang paggawa, humuhusay ang paggawa. Kapag sinukat at iniulat ang paggawa, mas lalo pang humuhusay ang paggawa.”

THOMAS S. MONSON, sa Conference Report, Okt. 1970, 107

2: Paano ko maipapakita na may tiwala ako sa aking sarili?



PAG-ARALAN

PAANO KO MAIPAPAKITA NA MAY TIWALA AKO SA AKING SARILI?

Oras: I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.

Panoorin: “Ang Interbyu” (Walang video? Basahin ang pahina 32.)

Talakayin: Sa palagay ba ninyo natanggap sa trabaho ang mga taong ito?

Alam ninyong hindi maganda ang naging sagot sa mga tanong sa interbyu kapag narinig ninyo ito! Pero nahihirapan ba kayo kung minsan na magbigay ng magagandang sagot sa interbyu?

Basahin: TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ko maipapakita na may tiwala ako sa aking sarili?

GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Maghahanda at gagamit ng power statements sa mga contact ko.

Basahin: Sa huling miting natin, tinalakay natin kung paano makakakuha ng pansin ang ating “me in 30 seconds” bilang pagpapakilala. Ang susunod nating hakbang ay magdagdag ng “power statements,” na magpapakita ng mga katangian natin sa mga employer at sa iba.

Ang power statements ay nagpapaganda ng resume at interbyu. Tinutulungan tayo nito na makausap ang ating network o grupo ng mga kakilala natin. Matutulungan pa tayo nito na manatili sa trabaho at magtagumpay.

Basahin natin ang apat na mahalagang bahagi ng power statement.

APAT NA MAHALAGANG BAHAGI NG POWER STATEMENT

Tumutukoy sa katangian, skill, o kalakasan.

Nagbibigay ng partikular na halimbawa ng nagawa o nakamit.

Ipinapakita ang mga resulta.

Iniaakma ang mga katangian natin sa mga kailangan ng employer.

PAANO AKO MAKAKAGAWA NG POWER STATEMENT?

Basahin: Si Victoria ay humiling na makausap nang limang minuto ang isang potential employer. Nang tanungin ng employer ang kanyang marketing experience, ginamit niya ang isa sa kanyang power statements.

ANG POWER STATEMENT NI VICTORIA

1 Ako ay creative at mahalaga sa akin na may resulta ang mga ginagawa ko! Halimbawa, 2 sa ABC Power Company, gumawa ako ng bagong marketing plan at brochure na 3 lubusang nagpataas ng buwanang benta nang 5%. Naniniwala ako na kaya kong 4 makatulong na mapalaki ang benta ng kumpanya sa gayunding paraan.

1 Nagsabi ng skill o kahusayan 2 Partikular na halimbawa 3 Resulta 4 Akma sa mga kailangan

Talakayin: Paano makakatulong kay Victoria ang statement na ito sa paghahanap niya ng trabaho?

Basahin: Narito ang ilan pang halimbawa ng power statement para sa isang returned missionary, may-ari ng maliit na negosyo, at isang ina—na naghahanap lahat ng trabaho. Basahin ang mga ito. Pansinin kung paano nagkakaugnay ang apat na bahaging ito.

1. SKILL O KASANAYAN	2. HALIMBAWA (maging partikular)	3. MGA RESULTA (Maging partikular)	4. AKMA SA MGA KAILANGAN
Kaya kong magpalakas at maghikayat ng mga grupo.	Halimbawa, bilang full-time volunteer para sa aming simbahan , naatasan akong pamunuan ang grupo ng walong volunteer na hindi nagkakaisa at hindi nakakamit ang mga mithiin.	Kaya nagdaos ako ng mga training at tinulungan silang pahalagahan ang isa't isa, magtakda ng mga mithiing, at kamtin ang mga mithiing iyon.	Makakatulong ako na magkaroon ng pagkakaisa ang mga tauhan ninyo at higitan pa ang mga mithiin ninyo.
May karanasan ako sa paglutas ng mga problema.	Halimbawa, sa negosyo ng pamilya namin , hindi kami sigurado sa mga gastusin namin. Nagpasiya akong gumawa ng mas maayos na rekord at i-monitor ang araw-araw na gastusin.	Dahil sa pagmonitor ko ng mga rekord, napatunayan namin na may supplier na nagdadagdag ng presyo sa bawat invoice nang hindi sinasabi sa amin.	Gagamitin ko ang kasanayan kong ito sa paglutas ng problema sa anumang hamon na maaring makaharap ninyo, at nakakatiyak ako na makakahanap ako ng magandang sagot.
Kaya kong mag-organisa.	Halimbawa, bilang ina , nakokoordina ko ang mga gawain ng tatlong anak ko sa eskwela at sa bahay.	Sa pag-aasikaso ng mga iskedyul na ito, sinisiguro ko na maayos na nakukumpleto ng bawat bata ang gawain niya sa eskwela at sa bahay.	Magagamit ko ang management skills ko na ito sa pag-aayos ng mga iskedyul ng inyong kumpanya para masigurong nagagawa lahat ang mga appointment ninyo.

2: Paano ko maipapakita na may tiwala ako sa aking sarili?

Praktisin: Gamitin ang pahinang ito sa paggawa ng power statements. Simulang isulat ito ngayon sa mga espasyo. Puwede kang makipagtulungan sa isa pang group member.

1. SKILL O KASANAYAN	2. HALIMBAWA (Maging partikular)	3. MGA RESULTA (Maging partikular)	4. AKMA SA MGA KAILANGAN

Praktisin: Matapos kang makagawa ng kahit dalawang power statement, halinhanang sabihin ang mga ito sa iba pang kagrupo. Sabihin ang mga ito nang malakas hanggang sa may kumpiyansa ka na. Bago ang susunod na miting natin, gumawa ng kahit limang power statements.

Basahin: Maaari kang magsimula sa “me in 30 seconds” kapag kausap mo ang isang tao tungkol sa trabaho. Maaaring ito ay isang employer o isang taong hiningan mo ng tulong. Maaaring tanungin ka ng taong ito ng ilang karaniwang tanong. Kailangan mo ng power statements sa pagsagot sa mga tanong na ito. Ipaparinig mo ang iyong power statements sa maraming tao bago ang susunod na miting natin.

- Praktisin:** Bilang grupo, basahin ang mga instruksiyon. Matapos mabasa ang mga instruksiyon, simulan ang aktibidad. Huwag lumampas nang 10 minuto.
1. Tumayo ang lahat at lumipat sa maluwang na espasyo para sa mabilisang praktis. Dapat may kaharap na isang tao ang bawat isa.
 2. Magtatanong ang unang tao ng karaniwang tanong, tulad ng:
 - Ano ang masasabi mo sa akin tungkol sa sarili mo?
 - Bakit dapat ka naming tanggapin sa trabaho?
 - Ano ang pinakamatindi mong strength o katangian?
 - Ano ang dapat kong sabihin tungkol sa iyo sa mga kakilala ko?
 3. Sasagot ang pangalawang tao gamit ang power statement.
 4. Pagkatapos ay magpalitan kayo. Ang pangalawang tao ay magtatanong ng isa pang karaniwang tanong, at ang unang tao ay sasagot gamit ang power statement.
 5. Bigyan kaagad ng feedback ang isa't isa: Naroon ba lahat ang apat na bahagi? Mukha bang tapat at kapani-paniwala ito?
 6. Pagkatapos ay magpalitang muli ng partner at gawin itong muli. At muli!
 7. Mabilis na gawin ito hanggang sa makakaya ninyo para masubukan ito ng lahat nang apat na beses.

Talakayin: Gumamit ba kayo ng power statements sa pagsagot sa mga tanong? Ano ang ilan pang tanong na kahalintulad nito? Ano ang iba pang posibleng itanong ng mga nag-iinterbyu?

OPSYONAL NA AKTIBIDAD: PAANO KO MAGAGAWANG POSITIBO ANG NEGATIBO?


(HUWAG GAWIN ITO SA ORAS NG MITING.)

Kung gusto mo, maaari mong gawin ang aktibidad na ito sa buong linggo:

Magagamit mo ang power statements para maging magandang oportunidad ang mga negatibong tanong at sitwasyon. Pag-aralan ang pahina 33 sa Mga Resources.

SAAN AKO GAGAMIT NG POWER STATEMENTS?

Basahin: Sa bago nating power statements at sa ating “me in 30 seconds,” may mahuhusay na tayong tools. Pero paano tayo makakahanap ng mga taong makikinig? Ang dapat gawin ay kausapin ang lahat ng dapat kausapin. Pagkatapos ay hilingin sa kanila na kausapin ang *kanilang* mga contact. Ito ay “network,” at para kang bumubuo ng sarili mong sales team!



- Praktisin:** Ilapit ang silya mo para makausap ang katabi mo.
1. Pag-usapan ang mga taong kakausapin ninyo para paggamitan ng inyong “me in 30 seconds” at power statements bago ang susunod na miting natin. Ilista ang ilan sa mga pangalan dito:

 2. Pag-usapan kung paano ninyo palalakihin ang network ninyo para mas marami kayong contact. Isulat ang iyong mga ideya rito:

Praktisin: Bago ang susunod na miting, gagamitin mo ang iyong power statements sa mga contact na kilala mo. At hihilingin mo sa iyong mga kakilala na kausapin ang *kanilang* mga contact. Sa iyong “me in 30 seconds” at power statements, may dalawa ka nang mahusay na mga tools na magagamit para makapagbuo ng iyong network. Unti-unti nang nagkakaresulta ang paghahanap mo ng trabaho!

OPSYONAL NA AKTIBIDAD: ACCELERATED JOB SEARCH

(HUWAG GAWIN ITO SA ORAS NG MITING.)

Kung gusto ninyo, maaari ninyong gawin ito bago ang susunod na miting natin:

Para mas mapabilis pa ang iyong ginagawa, pag-aralan ang “Accelerated Job Search” sa pahina 15. Subukan ito—15 resources, 10 contact, 2 miting—araw-araw!



PAG-ISIPANG MABUTI

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA UMUNLAD?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

Praktisin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o umisip ng ibang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan mo. Isulat sa ibaba ang anumang impresyon mo.

Talakayin: Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi ng ideya?

“Subalit nalalaman ng Panginoon ang lahat ng bagay mula sa simula; kaya nga, naghahanda siya ng paraan upang maisa-katuparan ang lahat ng kanyang gawain sa mga anak ng tao.”

1 NEPHI 9:6

2: Paano ko maipapakita na may tiwala ako sa aking sarili?



MANGAKONG GAWIN

PAANO AKO MAGKAKARON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

Praktisin: Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo mag-uusap.

Pangalan ng action partner

Contact information

Basahin nang malakas sa action partner mo ang ipinangako mong gawin. Mangakong gagawin ang mga ipinangako mo! Lumagda sa ibaba.

ANG AKING MGA PANGAKO

Gagamitin ko ang aking power statements sa kahit 20 tao lang sa linggong ito.

(Ang ilan sa mga ito ay dapat na pag-follow-up sa mga tao na nakontak mo dati.)

Bilugan ang iyong mithiin: 20 30 40

Gagawin ko ang alituntunin sa My Foundation na pinag-aralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking ipon—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

Ang aking lagda

Lagda ng action partner

PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

Praktisin: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi,” o kung ilang beses mong ginawa ang iyong ipinangako.

Gumamit ng power statements sa kahit 20 tao lang (Isulat ang #)	Isinagawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)

Basahin: Alalahanin din na irekord at i-monitor ang sariling gastusin sa likod ng inyong *My Path to Self-Reliance* booklet.

Sa susunod na miting ng grupo, isusulat ng facilitator ang commitment chart sa pisara (tulad ng nasa itaas). Darating tayo nang 10 minuto bago magsimula ang miting at isusulat ang ating progreso sa chart.

Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting natin. Ipaalala sa kanya na sundin ang materyal at huwag magdala ng dagdag na materyal. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin ang pahina 13 at ang inside front cover.)

Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.

Mga Resources

ANG INTERBYU

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

INTERVIEWER: Kung ganoon, ano ang masasabi mo sa akin tungkol sa sarili mo?

CANDIDATE 1: Ibig mong sabihin kung ano ang gusto kong gawin? Wala naman. Wala naman talaga akong hobby o kinahihiligan. Halos wala akong ginagawa.

CANDIDATE 2: Umm . . . eh, ako . . .

CANDIDATE 3: Ah, oo, gusto ko nga iyan. Kitang-kita naman, lagi akong nagweights. Dapat nga papasok rin ako sa anger management classes. Pero sino naman ang gustong pumunta roon? Alam mo na ang ibig kong sabihin, 'di ba?

CANDIDATE 1: O ibig mong sabihin ay paano akong magtrabaho? Hindi talaga ako nagtatagal sa trabaho kaya wala akong masabi. Madali akong mainip kaya hindi na lang ako pumapasok. . . . Dapat yata hindi ko sinabi iyan.

CANDIDATE 2: Umm . . .

CANDIDATE 3: Iyong nagtuturo sa anger management class, . . . kayang-kaya kong ibalibag. Sino ang magiging boss ko? Ikaw? Hindi naman ikaw iyong tipo na laging tinitingnan kung nagtatrabaho kami, 'di ba? Na para kaming mga bata? Ganyan ang ginawa ng dating boss ko, at hindi ko gusto iyon.

INTERVIEWER: Bakit dapat ka naming tanggapin sa trabaho?

CANDIDATE 2: Dapat ninyo akong tanggapin sa trabaho kasi . . . um . . .

CANDIDATE 1: Kasi, kailangan ko ng trabaho. Akala ko ba nag-usap na kayo ng mommy ko tungkol diyan kahapon. Sabi niya magtrabaho na raw ako. Hindi ka ba niya kinausap?

CANDIDATE 3: Manghihinayang ka kapag hindi mo ako tinanggap. Napansin ko noong papunta ako rito may mga dapat na talagang baguhin dito. Nakakapagtataka na hindi pa kayo nagsasara. Kaya kong ayusing lahat iyan. Oo. Pasasalamat ninyo ako dahil isinalba ko ang negosyo ninyo.

CANDIDATE 2: Kasi . . . um . . .

INTERVIEWER: Ano ang pinakamatindi mong kahinaan?

CANDIDATE 3: Wala akong kahinaan. Ikaw, saan ka mahina? Pambihira, ayoko ng ganyang tanong.

CANDIDATE 2: Kahinaan? Hmm . . .

CANDIDATE 2: Umm . . . pagnanakaw. Hindi naman talaga pagnanakaw. Hindi ako nagnanakaw. Mahabang kuwento eh. Saka isasauli ko naman iyon. Akala ko kasi ipapahiram iyon sa akin sandali ng boss ko.

Bumalik sa pahina 24

PAANO KO GAGAWING POSITIBO ANG NEGATIBO? (OPSYONAL NA AKTIBIDAD)

Talakayin: Paano ninyo sasagutin ang tanong na ito: “Ano ang pinakamatin-ding kahinaan mo?” Basahin ang sagot ni Gloria.

“Ah, sinisikap ko na magamit nang mas tama at produktibo ang oras ko. Gumawa ako ng iskedul ng mga gagawin na talagang nakatulong sa akin, at ginagamit ko iyon araw-araw. Kailan lang, kahit kabi-kabila ang mga dapat kong unahing gawin, nakatulong pa rin ako na matapos sa oras ang isang malaking sales project.”

Basahin: Pansinin na ang ginawa ni Gloria ay:

- Nagsabi siya ng kahinaan na karaniwang makikita sa maraming tao.
- Partikular niyang tinukoy kung paano niya dinaig ang kahinaan niya.
- Nagdagdag ng impormasyon mula sa power statement.

Praktisin: Subukang gawin ito sa kapamilya o kaibigan. Pagtanungin sila sa iyo ng negatibong tanong. Sagutin ito sa pamamagitan ng pagsabi ng kahinaan na karaniwan sa maraming tao. Ilarawan kung paano mo dinaig ang kahinaang ito. Magdagdag ng impormasyon mula sa power statement mo.



3

*Paano ko mapapasok
ang mga “hidden”
job market?*

My Job Search

PARA SA MGA FACILITATOR

Sa araw ng miting:

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan silang dumating nang mas maaga ng 10 minuto para ireport ang mga ipinangako nilang gawin.
- Ihanda ang mga materyal sa miting.

30 minuto bago magmiting:

- Ayusin ang mga silya paikot sa mesa para magkakalapit lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara.

Pangalan ng group member	Gumamit ng power statements sa kahit 20 tao lang (Isulat ang #)	Isinagawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)
Gloria	32	Oo	Oo	Oo

10 minuto bago magmiting:

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Pagdating ng mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

Sa pagsisimula:

- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone o iba pang device.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung nais ninyo).
- Tahimik na sabihin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang mga phone at kumpletuhin ang commitment chart habang ipinagpatuloy ng grupo ang talakayan.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation*.
- Gawin ang alituntunin 3 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa susunod na pahina.



MAGREPORT

TINUPAD KO BA ANG MGA PANGAKO KO?

- Oras:** I-set ang timer nang 20 minuto para sa section na Magreport.
- Praktisin:** Ireport natin ang mga ipinangako nating gawin. Magyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga ipinangako. (Pumalakpak.)
- Basahin:** Ngayon, magsitayo ang lahat. Ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements:

“At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin.”

Doktrina at mga Tipan 104:15

Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayong maging self-reliant.


- Basahin:** Magsiupo tayo.
- Talakayin:** Ano ang natutuhan ninyo sa pagsasabi ng “me in 30 seconds” sa mga tao? Pinaganda ba ninyo ito? Isinulat ba ninyo ang mga contact ninyo at nag-follow-up?
- May sumubok ba sa inyo ng Accelerated Job Search? May mga resulta ba?



PAG-ARALAN

ANO ANG “HIDDEN” JOB MARKET?

- Oras:** I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.
- Panoorin:** “Tumingin sa Mababa Lang ang Kumpetisyon” (Walang video? Basahin ang pahina 48.)
- Basahin:** Basahin natin nang sabay-sabay ang mga salita sa fishing diagram sa ibaba. Ang mga isda ay kumakatawan sa trabaho. Pansinin kung saan naroon ang karamihan sa mga isda, o kung saan matatagpuan ang mas maraming trabaho.
- Talakayin:** Sino ang makakahuli ng pinakamaraming isda? Bilugan ang taong iyon. Nasaan ang “hidden” job market?
- Basahin:** Mas maraming oportunidad sa hidden job market kaysa sa traditional job market. Saan tayo naghahanap ng trabaho? Saan tayo *dapat* naghahanap ng trabaho?



Basahin: TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ko mapapasok ang “hidden” job market?

GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Makipag-usap nang harapan sa mga potential employer.

Sa miting na ito, mag-aaral at magsasagawa tayo ng mga skill para matulungan tayong masagot ang tanong na ito at magawa ang mahalagang aksyong ito.

NASAAN ANG HIDDEN JOB MARKET?

Panoorin: “Mga Pinakaproduktibong Sources” (Walang Video? Basahin sa pahina 48.)

Basahin: May ilang job search strategy na mas epektibo kaysa iba. Sa ilang bansa, ang bilang ng mga taong nakakahanap ng trabaho ay mai-tutulad sa chart sa ibaba. Maaaring iba sa lugar ninyo.

Praktisin: Bilang grupo, sagutin ang mga tanong na ito:
 1. Sa chart na ito, anong pamamaraan ang ginagamit ng karamihan sa paghahanap ng trabaho?
 2. Anong pamamaraan ang pinakaepektibo sa paghahanap ng trabaho?


PARAAN	LUGAR NA KADALASANG PINAGHANAPAN NG MGA TAO NG TRABAHO	LUGAR NA TALAGANG NAKAKAHANAP ANG MGA TAO NG TRABAHO
Advertisements/Internet	65%	14%
Gobyerno o pribadong job placement services	27%	21%
Personal na pakikipag-ugnayan sa mga kumpanya	3%	30%
Word of mouth (personal na kakilala at mga referral)	5%	35%

Pero huwag ninyong balewalain ang mga opsyong ito, at baka mapalampas ninyo ang 35% ng mga trabaho!

Ito ang hidden job market. Magpokus dito at iwasan ang 92% ng kumpetisyon!

PAANO KO MAPAPASOK ANG MGA HIDDEN JOB MARKET?

Basahin: Nasa atin na ang mga susi sa hidden job market na ito! Kailangan lang ng personal na pakikipag-ugnayan. At magagawa natin ang pinakamahuhusay na personal na pakikipag-ugnayan sa paggamit ng ating (1) “me in 30 seconds” at ating (2) power statements sa pamamagitan ng ating (3) lumalaking network. Tulad ng natutuhan natin sa huling miting natin, kabilang sa network natin ang mga taong kilala natin at ang mga kakilala nila.



Panoorin: “Pagbubuo ng Network Mo” (Walang video? Basahin ang pahina 49.)

Talakayin: Ginamit ba ninyo ang inyong “me in 30 seconds” at power statements mula noong huling miting natin? Hiniling ba ninyo sa mga kakilala ninyo na kausapin ang *kanilang* mga kakilala para sa inyo?

- Praktisin:** Ang grupo natin ang unang mapagkukunan ng networking. Simulan na nating palawakin ang network natin ngayon mismo! Basahin ang mga instruksiyon sa ibaba at magsimula:
1. Tumayo at humarap sa katabi mo.
 2. Sabihin sa kaharap mo ang iyong “me in 30 seconds” at tapusin ito sa dalawang tanong: **“Sa palagay mo sino ang makakatulong sa akin na makahanap ng mga contact?”** **“Maaari mo bang kausapin ang mga taong iyon at humingi ng tulong sa kanila?”**
 3. Isulat ang mga contact sa network list sa kasunod na pahina at tanungin ang kausap na bigyan ka pa bago ang susunod na miting kapag may naisip pa sila.
 4. Pagkatapos ay magpalitan kayo ng role at gawin itong muli.
 5. Lumibot at gawin ito sa iba pang mga kagrupa.
 6. Sumulat pa ng maraming contact kung maaari sa kasunod na pahina.
 7. Pagkatapos ng miting natin, gawin ito sa ibang taong kilala mo.
 8. Sa column na Priyoridad, lagyan ng numero mula 1 hanggang 20 ang bawat taong kokontakin ninyo.

Mga tip sa networking

1. Tanungin ang mga kakilala ninyo kung mayroon silang alam, impormasyon o ideya para sa mapapasukang trabaho.
2. Palaging humingi ng marami pang referral.
3. Panatilihin updated ang mga rekord ninyo at mag-follow-up.

NETWORK LIST

Pangalan	Contact Information (telepono, address, email)	Priyoridad

Basahin: Bago ang susunod na miting natin, kokontakin natin ang mga taong ito, pati na ang iba pa nating kakilala at ang *kanilang* mga kakilala. Patuloy tayong magdadagdag sa ating listahan. Sa pagkontak natin sa mga taong ito, gagamitin natin ang ating power statements para ipakita sa kanilang lahat kung ano ang magagawa natin para sa kanila!

- Maaari nating kausapin ang mga taong ito at marami pang iba!
- Mga kaibigan
 - Mga kamag-anak
 - Mga kapitbahay
 - Ang mga miyembro ng Simbahan
 - Mga kalaro natin sa sports
 - Mga dating kasamahan sa trabaho

PAANO KO KAKAUSAPIN ANG MGA MANAGER NA NAGHAHANAP NG TRABAHADOR O EMPLEYADO?

Basahin: Maaari nating malaman ang mga kumpanyang naghahanap ng aplikante sa pamamagitan ng networking. Pero kailangan nating mahanap ang taong nagpapasiya kung sino ang tatanggapin sa trabaho.

Praktisin: Magpraktis tayo bilang grupo.

1. Mag-assign ng isang taong gaganap na job seeker. Ang taong ito ay dapat handang magbigay ng kanyang “me in 30,” isang tanong, at isang power statement sa kanyang employer.
2. Mag-assign ng dalawa pang tao na gaganap na mga employee: employee 1 at employee 2.
3. Mag-assign ng isa pang tao na maging manager.
4. Patayuin ang apat na tao. Babasahin ng facilitator ang unang linya sa role play na ito. Pagkatapos ay babasahin ng iba ang mga linya nila.

Facilitator: Papasok ang job seeker na ito sa isang tindahan o opisina kung saan niya gustong magtrabaho. Kinausap niya ang unang empleyadong makita niya.

Job Seeker: Hello. Sino ang manager na naka-duty ngayon?

Employee 1: Ah, si Mr. Valenzuela, pero hindi ko alam kung nasaan siya ngayon. Puwede mong tanungin ang assistant niya.

Job Seeker: Salamat. [Kakausapin si employee 2.]

Job Seeker: Hello. Puwede ko bang malaman kung nasaan si Mr. Valenzuela?

Employee 2: May kinuha lang siya. Babalik siya agad. O, hayan na siya.

Job Seeker: Ay, salamat. Salamat. [Kakausapin si Mr. Valenzuela.]

Job Seeker: Mr. Valenzuela, good morning. Ako po si _____ [pangalan]. [Sasabihin ang “me in 30 seconds” at magtatapos sa tanong.] Paano po makakatulong sa negosyo ninyo ang skills ko?

Manager: Ang totoo niyan, naghahanap na kami ng taong katulad mo. May isang minuto lang ako. Sabihin mo nang mabilis ang tungkol sa sarili mo.


Job Seeker: [Magbibigay ng angkop na power statement.] Alam kong busy kayo. Kailan po tayo mas makakapag-usap nang mataagal, ngayong hapon o bukas?

Talakayin: Kung sinabi ng manager na “hindi” o “bumalik mamaya” o “mag-fill out ng application,” ano ang puwedeng sabihin ng job seeker?

Basahin: Kailangan nating umakma sa bawat sitwasyon.

Praktisin: Tumayo at bumuo ng mga grupo na may tig-apat na miyembro. Ulitin ang role play para magkaroon ang lahat ng pagkakataon na maging job seeker.

Basahin: Mayroon na tayong ilang epektibong mga tools sa ating mga contact: “me in 30 seconds,” power statements, at pakikipag-usap sa manager. Maaari din ninyong gawing positibo ang negatibo sa pahina 33.



Talakayin: Paano ninyo gagamitin ang mga tools na ito para magkaroon ng produktibong pag-uusap bago tayo muling magmiting?

Praktisin: Magpunta sa pahina 50 at magsalitan sa pagbasa ng mga paraan na mairekord at ma-monitor ang paghahanap ng trabaho. Pagkatapos ay bumalik dito.



PAG-ISIPANG MABUTI

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA HUMUSAY?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

Praktisin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o umisip ng ibang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan mo. Isulat sa ibaba ang anumang impresyon mo.

Talakayin: Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi ng ideya?

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”

MGA KAWIKAAN 3:5–6



MANGAKONG GAWIN

PAANO AKO MAGKAKARON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

Praktisin: Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo mag-uusap.

Pangalan ng action partner

Contact information

Basahin nang malakas sa action partner mo ang ipinangako mong gawin. Mangakong gagawin ang mga ipinangako mo! Lumagda sa ibaba.

ANG AKING MGA PANGAKO

Gagamitin ko ang aking “me in 30 seconds” at power statements sa kahit 30 tao lang na kilala ko at mga kakilala nila (ang network ko). (Irekord at i-monitor ang mga contact mo sa mga pahina 50–51. Ang ilan dito ay dapat na pag-follow-up sa mga taong nakausap mo na.)

Bilugan ang iyong mithiin: 30 40 50

Makikipagtulungan ako sa mga contact ko at susubukang makausap ang manager para magkaroon ako ng kahit 10 lang na personal na pakikipag-usap sa mga potential employer ko. (Irekord at i-monitor ang mga contact mo sa mga pahina 50–51.)

Bilugan ang iyong mithiin: 10 15 20

Gagawin ko ang alituntunin sa My Foundation na pinag-aaralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking ipon—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

Ang aking lagda

Lagda ng action partner

PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

Praktisin: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi,” o ang bilang kung ilang beses mong ginawa ang iyong ipinangako.

Kinontak ang 30 katao sa network (Isulat ang #)	Nakipag-usap sa kahit 10 lang na potential employer (Isulat ang #)	Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)

Basahin: Alalahanin din na irekord at i-monitor ang sariling gastusin sa likod ng iyong *My Path to Self-Reliance* booklet.

Pumili ng facilitator ng paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin ang pahina 13 at ang inside front cover.)

Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.

Mga Resources

MAGHANAP KUNG SAAN MABABA ANG KUMPETISYON

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

KWAME: Naku po. Mahigit 200 katao ang nag-apply sa trabahong gusto ko. Malabong magkaroon ng tyansa!

KOFI: Kwame, naaalala mo ba iyong pina-ningisdaan natin noong bata ka pa?

KWAME: Oo. Magandang lugar iyon na nakakubli sa mga puno. Hindi mo aakalaing naroon iyon. Pero ngayon, alam na ito ng lahat. Ang dami nang nangingisda, mahirap nang makahuli ng isda.

KOFI: Kaya, sa paghahanap mo ng trabaho bakit doon ka “nangingisda” kung saan maraming “nangingisda”? Bakit hindi ka humanap ng pangingsidaan na walang gaanong kakumpitensya? Palagay ko nakakaligtaan mo ang hidden job market. Mangisda kung saan maraming isda!

Bumalik sa pahina 38

ANG MGA PINAKAPRODUKTIBONG SOURCES

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

KOFI: Ikinuha kita ng diyaryo.

KWAME: Hindi na ako tumitingin sa diyaryo. Nakalimutan mo na ba? Nangingisda ako kung saan wala akong gaanong kakumpitensya.

KOFI: Magaling, kailangan magpokus ka sa sources na mas malaki ang

oportunidad. Pero may magagandang trabaho na inaanunsyo sa diyaryo. Kailangang subukan natin ang bawat opsyon. Basta mag-ukol ka lang ng sapat na oras sa mga sources na mas malaki ang oportunidad mong magkatrabaho.

Bumalik sa pahina 39

PAGBUO NG IYONG NETWORK

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

KWAME: Sinisikap ko na makakuha ng bagong 10 contact araw-araw, pero pahirap nang pahirap ang paghahanap nito.

KOFI: Inoobserbahan kita nitong mga nakaraang araw, at sa tingin ko pinipilit mong gawin lahat ito nang mag-isa. Alam mo, mas magandang resulta ang makuha mo kung mag-uukol ka rin ng oras sa networking.

KWAME: Networking?

KOFI: Oo, dapat bumubuo ka ng team, isang network ng mga tao na magsasabi sa iyo ng mga oportunidad kapag may alam sila. Kailangang may oras ka ring tumulong sa iba, at baka makatulong din sila sa iyo.

KWAME: Kinakausap ko ang mga kakilala ko, nang higit sa isang beses.

KOFI: Tama iyan. Pero ang network mo ay hindi lamang dapat na mga kakilala mo. Kailangan kabilang dito ang ibang mga tao na kakilala nila. Hilingin sa mga kakilala mo na ipakilala ka sa mga taong kilala nila.

KWAME: Hmmm. Pero ano ang sasabihin ko sa mga taong ito na hindi ko

kakilala? Iba kasi kapag ang kausap ko iyong nakakakilala na sa akin. Saan ako magsisimula?

KOFI: Simulan mo sa pagtatanong sa mga kaibigan mo kung may kakilala sila (1) na may alam sa pinili mong career, (2) na may awtoridad na mag-hire, o (3) maraming kakilalang ibang tao. Mas mabilis na lalaki ang network mo. At malamang na makabalita ka ng mga oportunidad sa trabaho sa pagpasa-pasa ng impormasyon sa network mo. Tutulungan ka nila na mahanap ang hidden job market.

KWAME: Pero ano ang dapat kong sabihin sa kanila?

KOFI: Hindi gaanong mahalaga iyong sasabihin mo, kundi kung paano mo ito sasabihin. Mas mahalaga kung paano mo ipapakilala ang sarili mo. Praktisin mo ang “me in 30 seconds” at ang power statements mo at tiyak na makakapagbigay ka ng magandang impresyon.

KWAME: Okey, sige. Baka nga magbigay ito sa akin ng bagong mga oportunidad.

Bumalik sa pahina 40

IREKORD AT I-MONITOR ANG MGA GINAGAWA MO

Bago ang susunod na miting natin, gumawa ka ng kahit 30 lang na search contact gamit ang network mo. Dapat sa pamamagitan nito may personal kang makakausap na kahit 10 lang na potential employer.

Ituloy mo pa rin ang paghahanap sa mga advertisement at sa Internet, at bumisita sa isang self-reliance center. Pero tandaan ang mga trabaho ay nasa—hidden job market! Mag-ukol ng mas maraming panahon at pagsisikap sa direktang pakikipag-usap sa mga kumpanya at pakikipag-usap sa mga personal contact mo gamit ang iyong network.

Mairerekord at mamonitor mo ang iyong mga pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa chart na ito (may ibinigay na halimbawa). Irekord mo ang mga pakikipag-usap mo sa Contact Follow-Up Form sa kasunod na pahina, o maaari kang gumamit ng hiwalay na notebook.

ADVERTISEMENTS/ INTERNET	JOB-PLACEMENT SERVICES NG GOBYERNO O PRIBADONG KUMpanya	PERSONAL NA PAKIKIPAG-USAP SA MGA KUMpanya	PERSONAL NA PAKIKIPAG-USAP SA MGA NAKILALA SA PAMAMAGITAN NG IYONG NETWORK
1. <i>Nag-apply online para sa trabahong bookkeeping</i>	1. <i>Nagpadala ng “thank you” note kay Gloria sa job-service office</i>	1. <i>Nag-follow-up visit kay Michael sa Accounting, Inc.</i>	1. <i>Kinausap ang kaibigan ni Jose sa Toro Corp.</i>
2.	2.	2.	2.
3.	3.	3.	3.
4.	4.	4.	4.
5.	5.	5.	5.
	6.	6.	6.
	7.	7.	7.
	8.	8.	8.
		9.	9.
		10.	10.
		11.	11.
		12.	12.
		13.	13.
			14.
			15.

CONTACT FOLLOW-UP FORM

CONTACT

Tao o organisasyon: _____

Telepono: _____ Address: _____

Email: _____ Ni-refer ako ni: _____

Kinontak ko ang taong ito Oo Hindi Petsa: _____

MGA BAGAY NA TINALAKAY:

1. _____

2. _____

3. _____

MGA GINAWANG FOLLOW-UP:

1. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

2. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

3. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

MGA BAGONG REFERRAL:

1. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

2. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

CONTACT

Tao o organisasyon: _____

Telepono: _____ Address: _____

Email: _____ Ni-refer ako ni: _____

Kinontak ko ang taong ito Oo Hindi Petsa: _____

MGA BAGAY NA TINALAKAY:

1. _____

2. _____

3. _____

MGA GINAWANG FOLLOW-UP:

1. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

2. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

3. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

MGA BAGONG REFERRAL:

1. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

2. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____



4

*Paano ko maipapakita na
ako ang karapat-dapat
na piliin kaysa sa iba?*

My Job Search

PARA SA MGA FACILITATOR

Sa araw ng miting:

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan silang dumating nang mas maaga ng 10 minuto para ireport ang mga ipinangako nilang gawin.
- Ihanda ang mga materyal sa miting.

30 minuto bago magmiting:

- Ayusin ang mga silya paikot sa mesa para magkakalapit lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara.

Pangalan ng group member	Kinontak ang kahit 30 katao lang sa network (Isulat ang #)	Nakipag-usap sa kahit 10 lang na potential employer (Isulat ang #)	Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)
Gloria	33	12	Oo	Oo	Oo

10 minuto bago magmiting:

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Pagdating ng mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

Sa pagsisimula:

- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone o iba pang device.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung nais ninyo).
- Tahimik na sabihin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang mga phone at kumpletuhin ang commitment chart habang ipinagpatuloy ng grupo ang talakayan.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation*.
- Gawin ang alituntunin 4 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.



MAGREPORT

TINUPAD KO BA ANG MGA IPINANGAKO KONG GAWIN?

Oras: I-set ang timer nang 20 minuto para sa section na Magreport.

Praktisin: Ireport natin ang mga ipinangako nating gawin. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga ipinangako. (Pumalakpak.)

Basahin: Ngayon, magsitayo ang lahat. Ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements:

“At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin.”

Doktrina at mga Tipan 104:15

Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayong maging self-reliant.

Basahin: Magsiupo tayo.

Talakayin: Ano ang natutuhan ninyo nang kontakin ninyo ang mga tao sa inyong network? Nakipag-usap ba kayo sa ilang hiring manager? Isinulat ba ninyo ang mga contact ninyo at nag-follow-up? May sumubok ba sa inyo ng Accelerated Job Search? May mga resulta ba?



PAG-ARALAN

PAANO KO MAIPAPAKITA NA AKO ANG KARAPAT-DAPAT NA PILIIN KAYSA SA IBA?

Oras: I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.

Panoorin: “Ano ang Hinahanap Niya? Part I” (Walang video? Basahin ang pahina 66.)

Talakayin: Ano ang gustong malaman ng employer sa oras ng interbyu o kapag binigyan nila kayo ng application? Paano kung makakatu-long ang mga sagot ninyo para maipakita sa employer na kayo ang karapat-dapat na piliin kaysa sa iba?

Basahin: TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ko maipapakita na ako ang karapat-dapat na piliin kaysa sa iba?

GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Magbibigay ng magagandang sagot sa mga tanong sa interbyu at application.

Sa miting na ito, malalaman mo ang pagsagot sa mga tanong sa interbyu at pagkumpleto ng application sa paraang maipapakita mo na karapat-dapat ka kaysa sa iba!



PAANO AKO MAGHAHANDA PARA SA INTERBYU?

Basahin: Takot ba tayong mainterbyu? Iniisip ba natin kung ano kaya ang mga itatanong ng interviewer o ano talaga ang gusto nilang malaman?

Ang totoo, *puwede* nating malaman. Karamihan sa mga interviewer ay nagtatanong ng mga karaniwang tanong. Bilang grupo, magsalitan tayo sa pagbasa ng chart na ito.

MGA KARANIWANG TANONG	ANO ANG MAAARING GUSTONG MARINIG NG INTERVIEWER	MGA TULONG SA PAGSAGOT
Ano ang masasabi mo tungkol sa sarili mo?	Mahusay ba siyang magsalita? Handa ba siya?	"Me in 30 seconds"
Ano ang iyong mga plano?	Akma ba ang karanasan niya sa trabaho sa mga kailangan natin?	Power statement
Bakit gusto mong magtrabaho sa amin?	Malinaw ba ang mithiin niya?	Power statement
Ano ang masasabi mo sa dati mong boss?	May respeto ba siya sa namumuno?	Power statement
Paano mo hinaharap ang pressure?	Hindi ba niya ipinapasa sa iba ang mga problema?	Power statement
Ano ang inaasahan mong suweldo?	Sapat lang ba ang inaasahan niya?	Sumagot sa pamamagitan ng tanong

Panoorin: "Ano ang Hinahanap Niya? Part II" Ihinto sandali at makibahagi kapag sinabihan. (Walang video? Basahin ang mga pahina 67-68.)

Talakayin: Kailan epektibong gamitin ang "me in 30 seconds" sa interbyu? Kailan epektibong gamitin ang power statements? Nalaman ba ninyo kung paano gawing positibo ang negatibo?

Praktisin: Sa loob ng anim o pitong minuto gawin ang "mabilisang praktis."

- Tumayo at humarap sa isang group member.
- Isa sa inyo ang employer; magtanong ng karaniwang tanong mula sa chart sa itaas.
- Ang isa naman ang job seeker; sagutin ang tanong gamit ang inyong mga paraan sa pagsagot.
- Magpalitan ng role at gawin itong muli. Magbigay sa isa't isa ng feedback na makakatulong!
- Kapag pareho na kayong gumanap na employer at job seeker, lumipat sa ibang kapartner. Ulitin ito hanggang sa maubos ang oras.

Patuloy na praktisin ito sa pamilya o mga kaibigan pagkatapos ng miting natin. Tingnan ang chart sa pahina 69 para sa karagdagang mga tanong.



PAANO KO SASAGUTIN ANG TANONG SA PAMAMAGITAN NG TANONG?


- Basahin:** Paano kung hindi natin masabi ang gustong marinig ng interviewer? O paano kung kailangan pa natin ng dagdag na impormasyon? Kung minsan maaari tayong sumagot sa pamamagitan ng tanong.
- Basahin:** Tingnan natin ang dalawang karaniwang tanong na ito. Babasahin natin ang bawat tanong at ang impormasyon sa kanan nito.

MGA KARANIWANG TANONG	ANO ANG MAAARING GUSTONG MARINIG NG INTERVIEWER	MGA TULONG SA PAGSAGOT	SUMAGOT SA PAMAMAGITAN NG TANONG
Magkano ang gusto mong suweldo?	Sapat ba ang tiwala niya sa sarili para makipag-negotiate?	Sumagot sa pamamagitan ng tanong	Ano ang karaniwang ipinapasuweldo ninyo sa posisyong ito?
May gusto ka pa bang itanong?	Naiintindihan ba niya ang trabaho?	Sumagot sa pamamagitan ng tanong	Ano ang pinakamagandang mararanasan sa pagtatrabaho rito?

Talakayin: Kailan magandang sumagot sa pamamagitan ng tanong? Kailan ito *hindi* magandang gawin? Paano mo mapaghahandaang magtanong nang makabuluhan sa interbyu?

- Basahin:** Bago ang interbyu, kailangan nating kilalanin kung sino ang employer at maging handang magbigay ng mga makabuluhang tanong. Makakapaghanda rin tayo na magdagdag ng tanong sa “me in 30 seconds” o sa power statement. Halimbawa: “Ano pa pong skill ko ang gusto ninyong sabihin ko?”
- Ang magagandang tanong ay hahantong sa magandang pag-uusap!

Talagang interesado ako sa mga produkto ninyo. Paano ninyo ginagawa iyan?



Ikaw Interviewer

Natutuwa ako't naitanong mo iyan! Una, gumagamit kami ng mga raw material. Pagkatapos, kami . . .

Tip:

Alamin kung kailan dapat o hindi dapat magtanong. Huwag masyadong sumagot sa pamamagitan ng tanong.

Maging sensitibo sa nararamdaman ng interviewer. Huwag magpakita ng sobrang pagkaagresibo.

OPSYONAL NA AKTIBIDAD: PAANO KO INE-NEGOTIATE ANG TRABAHO NA AKMA SA MGA PANGANGAILANGAN KO?

(HUWAG GAWIN ITO SA ORAS NG MITING).

Kung gusto ninyo, bago ang susunod na miting natin, maaari ninyong gawin ang aktibidad na ito. Isang mahalagang bahagi ng interbyu ang pakikipag-negotiate. Kung gusto pa ninyong matuto, maglaan ng oras na repasuhin ang “Paano Ko Ine-negotiate ang Trabaho na Akma sa mga Pangangailangan ko?” sa mga pahina 70–72 sa section na Mga Resources. Talakayin at praktisin ito sa inyong pamilya.

ANO NAMAN ANG DAPAT NA UGALI AT HITSURA KO?

Praktisin: Tumayo ang lahat at sabihin ang mga salitang ito nang tatlong beses:

Iisa lang ang pagkakataon nating mag-iwan ng magandang impresyon!

Talakayin: Ano ang ibig sabihin nito sa inyo kung sinisikap ninyo na “maging karapat-dapat piliin”?

Praktisin: Ilapit ang silya mo para makapagpraktis ka sa isa pang kagrupo mo. Basahin ang chart na ito sa isa't isa. Isipin kung ano ang dapat mo pang pagbutihin para maiprisinta nang maayos ang sarili.

MGA TIP PARA MAGTAGUMPAY

Pag-uugali	<ul style="list-style-type: none">• Magdasal na mabigyan ng tulong at kapanatagan.• Maging magalang.• Dumating sa oras.• Pagtuunan ng atensyon ang kumpanya at ang interviewer.• Ngumiti at maging kalugod-lugod.• Kumilos nang may tiwala sa sarili.• Magsalita nang malinaw.
Hitsura	<ul style="list-style-type: none">• Maging malinis: mukha, mga kamay, mga kuko.• Gumamit ng katamtamang make-up (mga babae).• Ayusin nang maayos ang buhok.• Maging mabango.• Mag-ahit ng balbas (mga lalake).• Magmukhang propesyonal.
Pananamit	<ul style="list-style-type: none">• Magsuot ng malinis na damit na walang punit (hindi kailangang mamahalin ang damit).• Plantsahin ang damit.• Magsuot ng damit na mas maayos kaysa sa gagamitin sa trabahong inaaplayan:<ul style="list-style-type: none">○ Kung pumapasok ka sa trabaho nang nakamaong at naka-T-shirt, magsuot ng slacks at mas maayos na T-shirt o polo shirt.○ Kung pumapasok ka sa trabaho nang naka-polo shirt, magsuot ng polo at kurbata (para sa mga lalake) o blusa (para sa mga babae).

PAANO AKO MAGPI-FILL OUT NG JOB APPLICATION?

Basahin: Gusto nating mag-ukol ng maraming oras sa ating mga personal contact at interbyu gamit ang network natin. Pero mas malamang na kakailanganin din nating mag-fill out ng application, sa papel man o nang online. Ang application ay parang interbyu na nakasulat sa papel.

Praktisin: Makigrupo sa dalawang group member. I-fill out ang application sa kasunod na dalawang pahina. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod at talakayin kung paano pagagandahin ang mga application ninyo. Pagkatapos ng miting natin, repasuhin ang mga pahina 73–75.

SECTION PARA SA APPLICATION	ANO ANG HINAHANAP NILA	MGA TOOLS AT TIPS
Personal na Impormasyon	Mayroon bang anumang dahilan para hindi siya maging kwalipikado (tulad ng krimen o iba pang problema)?	Sagutin ang bawat tanong. Gamitin ang impormasyong mula sa “me in 30 seconds.” Maging tapat, iwasan ang hindi kailangang detalye.
Edukasyon	Mayroon ba siya ng kailangang training?	Kung maaari, isulat ang lahat ng natamong degree o certificate at simulan sa pinakamataas. Idagdag ang lahat ng training at certification. Idagdag ang impormasyon mula sa power statement.
Karanasan sa Pagtatrabaho	Mayroon ba siya ng karanasan sa trabaho na kailangan namin?	Kung maaari, simulan sa pinakahuling pinasukang trabaho. Iwasang maglagay ng panahong wala kang trabaho o ipaliwanag ito. Gumamit ng impormasyon mula sa power statement.
Mga Character Reference	May sapat ba akong impormasyon para makontak sila?	Maghanda ng kahit isang reference (humingi ng pahintulot) para sa mapagtatanganan ng pag-uugali mo (katapatan, atbp.) at isa para sa mga skill mo sa trabaho at mga resulta nito.
Mga Award o Recognition	May espesyal na skill o kasanayan ba siya?	Kung maaari, simulan sa pinakaimportante bago isulat ang di gaanong importante. Idagdag ang impormasyon mula sa power statement.
Pangkalahatan	Maayos at malinis ba ang application?	Sumulat nang malinaw. Gawin itong magandang tingnan.

JOB APPLICATION FORM

Pangalan: _____ Petsa: _____

Address: _____

Telepono: _____ Email: _____

Posisyon: _____ Gustong Suweldo: _____ Petsa na maaari nang magtrabaho: _____

Nakapagtrabaho ka na ba sa kumpanyang ito? Oo Hindi Petsa: _____

Kung oo, kailan? _____

Napatunayan ka na bang maysala sa anumang krimen? Oo Hindi Petsa: _____

Kung oo, ipaliwanag: _____

Edukasyon

Kolehiyo: _____ Address: _____

Mula sa: _____ Hanggang sa: _____ Naka-graduate ka ba? Oo Hindi Diploma: _____

High School: _____ Address: _____

Mula sa: _____ Hanggang sa: _____ Naka-graduate ka ba? Oo Hindi Degree: _____

Mga Character Reference

Buong Pangalan: _____ Kaugnayan: _____ Telepono: _____

Buong Pangalan: _____ Kaugnayan: _____ Telepono: _____

Buong Pangalan: _____ Kaugnayan: _____ Telepono: _____

Mga Dating Trabaho

Posisyon sa Trabaho: _____ Starting Salary: _____ Ending Salary: _____

Mga Responsibilidad: _____

Mula sa: _____ Hanggang sa: _____ Dahilan ng Pag-alis sa Trabaho: _____

Kumpanya: _____ Telepono: _____

Posisyon sa Trabaho: _____ Starting Salary: _____ Ending Salary: _____

Mga Responsibilidad: _____

Mula sa: _____ Hanggang sa: _____ Dahilan ng Pag-alis sa Trabaho: _____

Kumpanya: _____ Telepono: _____

Pinapatunayan ko na ang aking mga sagot ay totoo at kumpleto sa abot ng aking kaalaman.
Kung tatanggapin ako sa trabaho batay sa application na ito, nauunawaan ko na anumang mali o
huwad na impormasyong nasa aking application ay magiging dahilan ng pagkatanggal ko sa trabaho.

Lagda: _____ Petsa: _____



PAG-ISIPANG MABUTI

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA UMUNLAD?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

Praktisin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o umisip ng ibang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan mo. Isulat sa ibaba ang anumang impresyon mo.

Talakayin: Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi ng ideya?

"Aking ipaaalam sa iyo at ituturo sa iyo ang daan na iyong lalakaran: papayuhan kita na ang aking mga mata ay nakatitig sa iyo."

AWIT 32:8





MANGAKONG GAWIN

PAANO AKO MAGKAKARON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

Praktisin: Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo mag-uusap.

Pangalan ng action partner

Contact information

Basahin nang malakas sa action partner mo ang ipinangako mong gawin. Mangakong gagawin ang mga ipinangako mo! Lumagda sa ibaba.

ANG AKING MGA MGA PANGAKO

Gagamitin ko ang aking “me in 30 seconds” at power statements sa kahit 40 tao lang na kilala ko at sa mga kilala nila (ang network ko).

Bilugan ang iyong mithiin: 40 50 60

Gagamitin ko ang mga contact ko at sisikaping may makausap nang harapan na kahit 10 lang na potential manager.

Bilugan ang iyong mithiin: 10 15 20

Gagamitin ko ang mga kasanayan o skills ko sa interbyu at application sa mga employer at iba pa.

Gagawin ko ang alituntunin sa My Foundation at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking ipon—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

Ang aking lagda

Lagda ng action partner

PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

Praktisin: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi,” o ang bilang kung ilang beses mong ginawa ang iyong ipinangako.

Kinontak ang kahit 40 katao lang sa network (Isulat ang #)	Nakipag-usap sa kahit 10 lang na potential employer (Isulat ang #)	Ginamit ang mga kasana-yan o skills sa interbyu at application (Oo/Hindi)	Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)

Basahin: Alalahanin din na irekord at i-monitor ang sariling gastusin sa likod ng iyong *My Path to Self-Reliance* booklet. Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin ang pahina 13 at ang inside front cover.) Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.

Mga Resources

ANO ANG HINAHANAP NIYA? PART 1

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

SETTING: Si Jose (ang boss) ay iniinterbyu si Miguel (ang job seeker). Ito ang kalagitnaan ng interbyu.

JOSE: Okey, magaling. Ngayon, puwede bang ilarawan mo ang pinakamalaking mong pagkakamali, at ano ang ginawa mo tungkol dito?

MIGUEL: [Nag-iisip] Ano ba namang klaseng tanong iyan? Ano kaya ang gusto niyang malaman? Sana malaman ko kung ano ang inaasahan niya.

JOSE: [Nag-iisip] Gusto ko lang malaman kung nauunawaan niya kung ano

ang pagkakamali niya, at kung nilutas niya ang problema.

MIGUEL: [Nag-iisip] Alam ko ang gusto niyang malaman. Kailangan kong gawing positibo ang negatibo!

MIGUEL: [Sasabihin] Naalala ko na minsan inakala ng manager ko na lumampas ako sa deadline. Ang talagang nangyari ay hindi ko nasabi na may mga ipinabago pa ang kliyente. Mula noon, siniguro ko na naipapaalam sa lahat ang nangyayari!

JOSE: Magaling ang ginawa mo, Miguel. Mukhang may natutuhan ka!

Bumalik sa pahina 56

ANO ANG HINAHANAP NIYA? PART II

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod. Paalala sa facilitator: Kapag sinabing talakayin, pasagutin muna ang grupo bago ka magpatuloy.

NARRATOR: Kaya, heto na tayo kina Jose (ang interviewer) at Miguel (ang potential employee). Magtatanong si Jose ng apat na karaniwang tanong. Pag-uusapan natin

kung paano dapat sumagot si Miguel. Handa na ba kayo?

JOSE: Hello. Kung ganoon, ano ang masasabi mo tungkol sa sarili mo?

TALAKAYIN: (1) Ano ang gustong malaman ng interviewer na ito? (2) Paano maaaring magamit ni Miguel ang “me in 30 seconds” sa pagsagot? (Tingnan ang outline sa kanan.)

NARRATOR: Okey, heto ang talagang iniisip ng boss.

JOSE: Makakasagot ba siya nang malinaw? Siya ba ay kwalipikado?

NARRATOR: Kaya dapat siguro gamitin ni Miguel ang “me in 30 seconds” niya.

MIGUEL: Ako si Miguel Fuentes. Nag-a-apply ako na maging bago ninyong manager of accounting. May anim na taon

akong karanasan sa trabaho at pinamunuan ko ang isang accounting team na may limang katao. Magkatulong naming pinababa ang gastusin nang 15% at pina-taas ang output nang 23%. Nagtapos ako na may certificate sa accounting at may government license. Tuwing weekends, naglalaro ako ng football. May gusto pa po ba kayong malaman?

JOSE: Iyan lang, magaling, salamat. Ngayon, ano pa ang ibang strengths o kahusayan mo?

TALAKAYIN: (1) Ano ang gustong malaman ng interviewer na ito? (2) Paano magagamit ni Miguel ang power statement sa pagsagot? (Tingnan ang outline sa kanan.)

NARRATOR: Heto ang talagang gustong marinig ni Jose.

JOSE: Mayroon ba siya ng skills na kailangan namin? Maipapakita ba niya ito sa mga resulta ng ginawa niya?

NARRATOR: Dahil ito ang gusto ni Jose, puwedeng gamitin ni Miguel ang power statement niya sa pagsagot.

MIGUEL: Bibigyan kita ng isang halimbawa. Lagi akong naghahanap ng paraan na mabawasan ang gastos. Halimbawa,

mga tatlong buwan na ang nakalipas nagpunta ako sa manager ko at ipinaliwanag na nawawalan kami ng 3000 kada linggo dahil sa late payments. Noong una nagdududa siya, kaya ipinakita ko sa kanya ang rekord. Ipinalutas niya sa akin ang problema. Sa loob ng 10 linggo, napababa ko ang late payments nang 30 araw kada invoice, kaya nakatipid kami ng libu-libo. Magagamit ko ang husay ko sa paglutas ng problema dito sa Sport Corporation.

“Me in 30 Seconds”

1. Pangalan
2. Layunin
3. Mga kwalipikasyon
4. Mga katangian
5. Magtapos sa Tanong

Power Statement

1. Tukuyin ang isang kasanayan o strength
2. Partikular na halimbawa
3. Resulta
4. Akma sa mga kailangan

NARRATOR: *Heto pa ang isang tanong— na ayaw nating marinig!*

JOSE: *Saan ka nahihirapan o saan ka mahina?*

TALAKAYIN: (1) Ano ang gustong malaman ng interviewer na ito? (2) Paano ito sasagutin ni Miguel sa paraang magagawa niyang positibo ang negatibo? (Tingnan ang outline sa kanan.)

NARRATOR: *Heto ang iniisip ng interviewer.*

JOSE: *Alam ba niyang may kahinaan siya? May ginawa ba siya para malutas iyon?*

NARRATOR: *Dahil iyon ang gustong marinig ni Jose, masasagot ito ni Miguel sa paraang magagawa niyang positibo ang negatibo.*

MIGUEL: *Maraming nagsasabi na mas-yado kong na tulongan ang mga kustomer*

na mabayaran ang invoice nila sa oras. Kaya pinagsikapan kong balansehin ang resulta ng balance payment at customer service. At marami akong natutuhan. Nang pagmalasakitan ko ang mga customer at ang pangangailangan nila, natulungan ko rin ang kumpanya dahil nabayaran ito nang mas mabilis. At naka-tanggap ako ng award para sa top customer service nitong nakaraang buwan.

NARRATOR: *Okey, heto pa ang isang karaniwang tanong.*

JOSE: *Magaling, Miguel. Salamat. Bakit gusto mong magtrabaho sa amin?*

TALAKAYIN: (1) Ano ang gustong malaman ng interviewer na ito? (2) Paano magagamit ni Miguel ang power statement sa pagsagot? (Tingnan ang outline sa kanan.)

NARRATOR: *Heto ang iniisip ng interviewer.*

JOSE: *Alam ba niya ang kailangan namin? Nagmamalasakit ba siya?*

NARRATOR: *Dahil ito ang gusto ng interviewer, maaaring gumamit si Miguel ng isa pang power statement sa pagsagot.*

MIGUEL: *Mr. Martinez, natutuwa ako sa nalaman ko nang mag-research ako tungkol sa Sport Corporation. Nagpopokus kayo sa pagbebenta ng sports equipment at napakataas ng benta ninyo. Balita ko*

may sinisimulan kayong mga bago at mas pinahusay na produkto. Gusto kong magtrabaho sa kumpanya na matatag at patuloy na lumalago. Mayroon din akong alam tungkol sa sports at ehersisyo. Noong nakaraang taon, nag-volunteer ako bilang football trainer, at natulungan ko ang team na mas humusay sa endurance at performance. Nauunawaan ko kung ano ang pinagsisikapan ninyong makamit at makakatulong ako sa inyo na magawa iyon.

Bumalik sa pahina 57

Gawing Positibo ang Negatibo

1. Magsabi ng kahinaan na karaniwan sa maraming tao.
2. Ilarawan kung pano mo dinaig ang kahinaang iyon.
3. Magdagdag ng impormasyon mula sa iyong power statements.

Power Statement

1. Tukuyin ang isang kasanayan o strength
2. Partikular na halimbawa
3. Resulta
4. Akma sa mga kailangan

MAGPRAKTIS SA PAGSAGOT NG MGA KARANIWANG TANONG

Bago ang susunod na miting natin, praktisin ninyo sa inyong action partner, pamilya, o mga kaibigan ang pagsagot ng mga tanong.

MGA KARANIWANG TANONG	ANG GUSTONG MALAMAN NG INTERVIEWER TUNGKOL SA IYO	MGA TULONG SA PAGSAGOT
Ano ang masasabi mo sa akin tungkol sa sarili mo?	Mahusay ba siyang magsalita? Kwalipikado ba siya?	“Me in 30 seconds”
Ano ang mga kahusayan o strengths mo?	Akma ba ang karanasan niya sa trabaho sa mga kailangan namin?	Power statement
Saan ka nahihirapan o saan ka mahina?	Siya ba ay tapat? May ipinagbuti ba siya?	Gawing positibo ang negatibo
Bakit gusto mong magtrabaho sa amin?	Nag-research ba siya? May mga mithiin ba siya?	Power statement
Ilarawan ang iyong huling nagawang malaking pagkakamali.	Makatwiran ba ang dahilan ng pagkakamali niya? Natuto ba siya rito?	Gawing positibo ang negatibo
Ano ang masasabi mo sa dati mong boss?	May respeto ba siya sa mga namumuno?	Power statement
Paano mo hinaharap ang pressure?	Hindi ba niya ipinapasa sa iba ang mga problema?	Power statement
May mga ideya ka ba na hindi tinanggap?	Masigasig ba siya? Maganda ba ang pananaw niya?	Gawing positibo ang negatibo
Ano ang gusto mong mangyari sa career mo?	Tutulungan ba niya kaming magtagumpay? May pokus ba siya?	“Me in 30 seconds”
Ano ang inaasahan mong suweldo?	Sapat lang ba ang inaasahan niya?	Sumagot sa pamamagitan ng tanong
Mayroon ka bang gustong itanong sa akin?	Nagmamalasakit ba siya? Interesado ba siya?	Sumagot sa pamamagitan ng tanong

PAANO KO INE-NEGOTIATE ANG TRABAHO NA TUTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN KO? (OPSYONAL NA AKTIBIDAD)

Basahin: Kapag nagpasiya ang employer na ialok sa atin ang trabaho, maaari nating talakayin ang ating mga kundisyon sa trabaho. Kabilang sa mga kundisyon ang suweldo, kailan at ilang oras tayo magtatrabaho, mga kundisyon ng pagtatrabahuhan, o iba pang mga bagay. Ang mithiin ay sabihin ang totoong saloobin at maging tapat at ang masiyahan ang lahat sa kalalabasan.

Talakayin: Anong mahirap sa pakikipag-negotiate? Bakit ka makikipag-negotiate?

Basahin: Narito ang limang hakbang na magagamit natin para maging handa sa ganitong pag-uusap:

- Alamin muna ang mga kailangan natin.
- Magpasiya kung alin ang pinakamahalaga at kung anong mga kundisyon ang sapat na katanggap-tanggap.
- Alamin ang maiaalok ng employer at ano ang mahalaga sa kanila.
- Humiling na mabigyan ng inspirasyon; isipin kung paano tayo parehong “panalo” ng employer.
- Praktisin ang talakayan sa kapamilya o kaibigan.

4: Paano ko maipapakita na ako ang karapat-dapat na piliin kaysa sa iba?

Praktisin: Gamitin ang sumusunod na chart para mapag-isipan ang mga kailangan mo na may kinalaman sa trabaho.

Ang mga halimbawa ay nakasulat sa gray; patungan na lang ng isusulat mo.

1. Lagyan ng numero ang bawat kailangan ayon sa pagkakasunud-sunod ng priyoridad mo. Gamitin ang "1" sa para sa pinakamataas na priyoridad.
2. Magpasiya kung ano ang minimum level ng bawat kailangan.
3. Pag-usapan ninyo ito ng iyong asawa o pamilya. Sabihin sa kanila na ipakita ang kanilang mga priyoridad at sama-samang itakda ang minimum level. Kung hindi sang-ayon ang lahat, sikaping magkasundo.

ANG MGA KAILANGAN KO (magdagdag ng iba pa)	ANG AKING MGA PRIYORIDAD (lagyan mo ng numero ang bawat isa; 1 ang pinakamataas)	MGA PRIYORIDAD NG PAMILYA (lalagyan nila ng numero ang bawat isa; 1 ang pinakamataas)	SAPAT NA KATANGGAP-TANGGAP (pinaka-limit sa bawat kailangan)	MGA PRIYORIDAD NG EMPLOYER (mga nais/kailangan nila ayon sa priyoridad kung alam mo)
Suweldo	1	2	3000 buwan	Pay range 2200-3200
Oras ng Trabaho	5	1	Walang pasok tuwing Linggo	May pasok ng Sabado't Linggo kapag kailangan
Malinis na Kapaligiran	6	5	Walang delikadong kemikal	Mga kemikal na nagpapa-bilis ng trabaho
Mga Kasamahan sa Trabaho	3	6	Matapat	Nasa oras, masipag
Oportunidad	2	4	90-day promotion	Team worker
Pangangalaga ng Kalusugan	4	3	-----	

Talakayin: Ano ang natutuhan mo sa exercise na ito?

Praktisin: Isipin ang klase ng employer na gusto mong makatrabaho. Ano ang mga priyoridad nila? Malalaman mo ba kung ano ang pinakamahalaga sa kanila? Ilagay ang mga priyoridad ng employer mo sa chart sa itaas bago ang interbyu mo.

Talakayin: Batay sa mga karanasan mo, paano mo maiaakma ang mga kailangan mo sa gusto ng employer?

Praktisin: Kasama ang kapamilya o kaibigan, isadula ito.

1. Basahin ang sitwasyong ito: Sa kanyang unang interbyu, natutuhan ni Kofi na ang pasuweldo sa ganitong posisyon ay 95 hanggang 105 kada araw. Ngayon, nasa pangalawang interbyu na siya. Ang offer ng employer sa kanya ay 96 kada araw. Kailangan ni Kofi ng kahit 100 man lang kada araw. Puwede rin siyang humingi ng tulong para sa pamasaha at nagdesisyon siya na hindi magtatrabaho nang Linggo.
2. Isa sa inyo ang gaganap na employer at ang isa naman ang gaganap na Kofi. Sisimulan ng employer na i-offer kay Kofi ang trabaho sa suweldong 96 kada araw. Pagtatrabahuhin siya nito nang 2 Linggo sa isang buwan. Dapat subukan ni Kofi na magbigay ng solusyon na parehong makasisiya sa kanila.
3. Magpalitan ng role at gawin itong muli.

Talakayin: Paano nangyari ito? Sinagot ba ninyo ang tanong sa pamamagitan ng mga tanong? Naisip ba ninyong i-negotiate ang iba pang mga benefit?

Basahin: Ito ang isang maaaring kalabasan ng pakikipag-negotiate ni Kofi. Basahin natin ang table na ito. Sino ang nanalo? Naresolba ba nila ang isyu tungkol sa pagtatrabaho sa Linggo?

Tip:

Kung mababa ang offer, subukang tuma-himik muna. Maghin-tay nang 10 segundo bago sumagot. Kada-lasan ang taong kau-sap mo ay magbibigay ng mas magandang offer para mabasag ang katahimikan.

ORIHINAL NA OFFER	MAHALAGA SA KUMpanyA	MAHALAGA KAY KOFI	ANG NI-NEGOTI-ATE NI KOFI	BAGONG OFFER
Suweldo na 96 kada araw	Puwedeng magbayad ang kumpanya nang hanggang 98 kada araw sa level ng experience ni Kofi.	Ang kailangan ni Kofi ay 100 kada araw. 3 sa 100 na iyan ay pamasaha niya papuntang trabaho.	Hiniling ni Kofi sa kumpanya na suwelduhan siya ng 97 kada araw at bayaran ang pamasaha niya sa bus na 3 kada araw.	Pumayag ang kumpanya na suwelduhan si Kofi ng 97 kada araw at bayaran ang pamasaha niya sa bus. May kontrata ang kumpanya sa bus company. Magbabayad lang sila ng 1 kada araw para sa pamasaha ni Kofi.

Talakayin: Paano kung hindi kayo nagkasundo? Palalampasin na lang ba ninyo ang oportunidad kung hindi ito umakma sa mga kailangan ninyo?

Basahin: Sa pagpapraktis ng iyong negotiation skills, mas makakagawa kayo ng kasunduan na patas para sa lahat ng kabahagi. Anuman ang napagkasunduan ninyo, humingi ng nakasulat na kumpirmasyon na may nakasaad na petsa. Mapoprotektahan niyan ang lahat!

HALIMBAWA NG APPLICATION

JOB APPLICATION FORM

Pangalan: Pullagari Amit Petsa: Sabado, Disyembre 06, 2013
Apelyido Una

Address: 1234 Any Street, Hyderabad

Telepono: 1234567890 Email: Amit1234@emailcompany.com

Posisyon: Process trainer Gustong Suweldo: 70000 Petsa na maaari nang magtrabaho: Enero 2014

Nakapagtrabaho ka na ba sa kumpanyang ito? Oo Hindi Petsa: _____

Kung oo, kailan? _____

Napatunayan ka na bang maysala sa anumang krimen? Oo Hindi Petsa: _____

Kung oo, ipaliwanag: _____

Edukasyon

Kolehiyo: Any Technical College Address: 4321 Any Street, Gangtok

Mula sa: 2011 Hanggang sa: 2013 Naka-graduate ka ba? Oo Hindi Diploma: Sertipiko

High School: Any Public School Address: 1234 Another Street, Hyderabad

Mula sa: 2002 Hanggang sa: 2007 Naka-graduate ka ba? Oo Hindi Degree: Sertipiko

Mga Character Reference

Buong Pangalan: Vivek Singh Kaugnayan: Guro Telepono: 1234567891

Buong Pangalan: Shrati Patel Kaugnayan: Boss Telepono: 1234567892

Buong Pangalan: Kavita Ram Kaugnayan: Coworker Telepono: 1234567893

Mga Dating Trabaho

Posisyon sa Trabaho: Supervisor Starting Salary: 40000 Ending Salary: 45000

Mga Responsibilidad: Supervise line workers

Mula sa: 2010 Hanggang sa: 2011 Dahilan ng Pag-alis sa Trabaho: Nag-aral muli

Kumpanya: Any Company Telepono: 1234567894

Posisyon sa Trabaho: Job Trainer Starting Salary: 30000 Ending Salary: 32000

Mga Responsibilidad: Trainer ng mga trabahador

Mula sa: 2008 Hanggang sa: 2010 Dahilan ng Pag-alis sa Trabaho: Bagong trabaho

Kumpanya: Iba pang Kumpanya Telepono: 1234567895

Pinapatunayan ko na ang aking mga sagot ay totoo at kumpleto sa abot ng aking kaalaman. Kung tatanggapin ako sa trabaho batay sa application na ito, nauunawaan ko na anumang mali o huwad na impormasyong nasa aking application ay magiging dahilan ng pagkatanggal ko sa trabaho.

Lagda: Amit Pullagari Petsa: Sabado, Disyembre 06, 2013

HALIMBAWA NG RESUME

William Owusu

Address: 1234 Any Street, Accra, Ghana

Tel: 1234567896

E-mail: owusu1234@emailcompany.com

Personal Data

Buong Pangalan	William Owusu
Kasarian	Lalaki
Petsa ng Kapanganakan	Abril 16, 1980
Lugar ng Kapanganakan	Kumasi, Ghana
May asawa o wala	Walang-asawa

Educational Background

2007-2011	Sertipiko mula sa Any Technical School
2000	Nagtapos sa Any High School

Mga Karanasan sa Trabaho

2004-2006	Naglingkod bilang full-time missionary
2007-2011	nagtrabaho bilang team leader sa Any Restaurant
2011-	nagtrabaho sa Any Limousine bilang booking agent

Training Courses

2009	Nakatapos ng spreadsheet training course
2013	Nakakumpleto ng customer service training course
2012	Nakakumpleto ng maikling business training course

Mahusay sa paggamit ng computer

2003	Spreadsheets, database, Internet / e-mail
------	---

Mga Wika

Ashanti Twi	Katutubong wika
English	Mahusay

Mga Interes at Libangan

Pagbabasa ng aklat, paglalaro ng sports, Internet

Mga Character Reference

1. Sandra Osei	Tel: 1234567897
2. Eric Katoka	Tel: 1234567898



5

*Paano ko pabibilisin
ang aking paghahanap
ng trabaho?*

My Job Search

PARA SA MGA FACILITATOR

Sa araw ng miting:

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan silang dumating nang mas maaga ng 10 minuto para ireport ang mga ipinangako nilang gawin.
- Ihanda ang mga materyal sa miting.

30 minuto bago magmiting:

- Ayusin ang mga silya paikot sa mesa para magkakalapit ang lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara.

<i>Pangalan ng group member</i>	<i>Kinontak ang kahit 40 katao lang sa network (Isulat ang #)</i>	<i>Nakipag-usap sa kahit 10 lang na potential employer (Isulat ang #)</i>	<i>Ginamit ang mga kasanayan o skills sa interbyu at application (Oo/Hindi)</i>	<i>Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)</i>	<i>Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)</i>	<i>Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)</i>
<i>Gloria</i>	<i>52</i>	<i>14</i>	<i>Oo</i>	<i>Oo</i>	<i>Oo</i>	<i>Oo</i>

10 minuto bago magmiting:

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Pagdating ng mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

Sa pagsisimula:

- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone o iba pang device.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung nais ninyo).
- Tahimik na sabihin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang mga phone at kumpletuhin ang commitment chart habang ipinagpatuloy ng grupo ang talakayan.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation*.
- Gawin ang alituntunin 5 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.



MAGREPORT

TINUPAD KO BA ANG MGA IPINANGAKO KONG GAWIN?

- Oras:** I-set ang timer nang 20 minuto para sa section na Magreport.
- Praktisin:** Ireport natin ang mga ipinangako nating gawin. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga ipinangako. (Pumalakpak.)
- Basahin:** Ngayon, magsitayo ang lahat. Ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements:

“At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin.”

Doktrina at mga Tipan 104:15

Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayong maging self-reliant.

- Basahin:** Magsiupo tayo.
- Talakayin:** Nagpraktis ba kayo ng pagsagot nang mahusay sa mga karaniwang tanong sa interbyu? May gumamit ba nito sa inyo sa interbyu? Ano ang natutuhan ninyo nang pag-usapan ninyo sa pamilya ang mga ideya sa pagne-negotiate? Nagpraktis ba kayo ng pagne-negotiate? May mga problema ba?



PAG-ARALAN

PAANO KO PABIBILISIN ANG PAGHAHANAP KO NG TRABAHO?

Oras: I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.

Basahin: Nagkaroon kami ng ilang mabibisang tools sa paghahanap ng trabaho:

- “Me in 30 seconds”
- Power statements
- Gawing positibo ang negatibo
- Sagutin ang tanong sa pamamagitan ng tanong
- Sagutin ang mga karaniwang tanong sa interbyu
- Sagutan ang mga application
- Ayusing mabuti ang hitsura at kilos

Sa miting na ito, pag-aaralan natin kung paano gamitin ang lahat ng tools na ito para mas mapabilis ang paghahanap natin ng trabaho!

Talakayin: Ano ang pakiramdam ninyo ngayon na nasa inyo ang mga tools na makakatulong sa paghahanap ninyo ng trabaho?

Basahin: **TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ko mapapabilis ang paghahanap ko ng trabaho?**

GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Dadagdagan pa ang aking mga resources, contact, miting o harapang pakikipag-usap.

Siguro may ilan sa grupo natin ang gumagawa na ng Accelerated Job Search. Sa miting na ito pabibilisin natin ang paghahanap ng trabaho.

ARAW-ARAW NA PAGHAHANAP NG TRABAHO

Basahin: Ngayon na ang oras para gamitin natin ang lahat ng tools na ito at pabilisin ang paghahanap natin ng trabaho.

Panoorin ninyo: “Rafael: Nagkatrabaho Pagkaraan ng 6 na Araw!” (Walang video? Basahin “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Kuwento tungkol kay Alba” sa pahina 88.)

Talakayin: Ano ang nakatulong kina Rafael o Alba na magtagumpay sa Accelerated Job Search?

Praktisin: Ang Accelerated Job Search ay mabisang strategy sa araw-araw na paghahanap ng trabaho. Sa ilang lugar na gumamit ng pamamaraang ito, naging 20 araw na lang ang paghahanap ng trabaho sa halip na 200 araw! Kailangan nito ng matindihang pagtatrabaho—mula dalawa hanggang apat na oras kada araw. Kabilang dito ang tatlong bagay na gagawin araw-araw:

1. Tumukoy ng 15 bagong resources.
2. Gumawa ng 10 contact mula sa mga resources na iyon.
3. Magkaroon ng kahit 2 miting o harapang pakikipag-usap o interbyu sa mga contact na iyon.

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Mga Resources” (Walang video? Basahin ang pahina 88.)

Praktisin: Simulang punan ngayon ang table sa kasunod na pahina sa paglista ng lahat ng alam mong resources sa unang column. Ang mga ito ay mga tao, lugar, at mga bagay na may impormasyong makakatulong sa iyo! May ibinigay na ilang halimbawa. Magdagdag pa bago ang susunod na miting natin at isulat sa form sa pahina 91. Gumawa ng mga kopya ng blank form habang patuloy kang nagdadagdag sa listahan.

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Mga Contact” (Walang video? basahin ang pahina 89.)

Praktisin: Ngayon, sa kasunod na pahina, maglista ng maraming tao hangga’t maaari na makokontak mo bago ang susunod na miting natin. Tandaan—huwag mahiya. Humanap ng paraan na makagawa ng 10 contact kada araw!

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Mga Miting (harapang pag-uusap)” (Walang video? Basahin ang pahina 89.)

Basahin: Ngayon, sa kasunod na pahina, gamitin ang papel ninyo sa paglista ng maraming tao hangga’t maaari na makakausap ninyo nang harapan bago ang susunod na miting. Isipin kung kailan at saan mo sila puwedeng makausap. Huwag kalimutang gamitin ang iyong “me in 30 seconds” kada miting.

Panoorin: “Araw-araw na Paghahanap ng Trabaho: Pinagsama-sama ang Lahat” (Walang video? Basahin ang pahina 90.)

Praktisin: Ngayon, tingnan mo ang table sa kasunod na pahina. Ano ang una mong gagawin? pangalawa? pangatlo? Planuhing makahanap ng mga resources, magkaroon ng mga contact, at makipag-usap nang harapan araw-araw. Magpasiya kung kailan mo gagawin ang mga bagay na ito at magpatulong sa kapamilya o sa action partner mo. Ipagdasal sa Panginoon na gabayan ka.

MGA RESOURCES, CONTACTS, AT MEETINGS FORM

MGA RESOURCES <i>(gumawa ng listahan)</i>	MGA CONTACT <i>(phone, email)</i>	MGA MITING <i>(harapang pag-uusap)</i>
<i>Internet sites</i>	<i>Mga miyembro ng Quorum o Relief Society</i>	<i>Mga potential employer</i>
<i>Mga pahayagan</i>	<i>Mga taong nakatrabaho mo</i>	<i>Home teacher, mga</i>
<i>Mga placement services</i>	<i>Mga Guro</i>	<i>Mga miyembro ng Simbahan</i>
<i>Self-reliance center</i>	<i>Mga taong nakilala mo sa tindahan</i>	

ACCELERATED JOB SEARCH TRACKING FORM

Basahin: Heto ang halimbawa ng Accelerated Job Search Tracking Form. Irekord at i-monitor ang iyong mga resources, contact, at miting sa form sa pahina 92. Gumawa ng mga kopya para sa loob ng maraming linggo kung kailangan.

(Lagyan ng tsek ang mga kahon at magdagdag ng mga tala. Ipakita ang kabuuang bilang kada araw.)

ARAW 1

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw 15

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw 10

Mga Interbyu: Kabuuang Bilang Kada Araw 2

Mga Tala:

May nakuha nang cashier. Subukan ko raw sa pamilihan. Baka nagha-hire sila.

ARAW 2

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw 15

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw 8

Mga Interbyu: Kabuuang Bilang Kada Araw 2

Mga Tala:

Hindi makakausap si Jose ngayon. Bumalik na lang daw ako sa Huwebes.

ARAW 3

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw 14

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw 10

Mga Interbyu: Kabuuang Bilang Kada Araw 3

Mga Tala:

I-fill out ang job application mula kay Maria sa pamilihan.



PAG-ISIPANG MABUTI

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA UMUNLAD?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

Praktisin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o umisip ng ibang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan mo. Isulat sa ibaba ang anumang impresyon mo.

Talakayin: Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi ng ideya?

“Masigasig na maghanap, manalangin tuwina, at maging mapanampalataya, at lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti, kung kayo ay lalakad nang matwid.”

DOKTRINA AT MGA TIPAN 90:24



MANGAKONG GAWIN

PAANO AKO MAGKAKARON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

- Oras:** I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.
- Praktisin:** Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo mag-uusap.

Pangalan ng action partner

Contact information

Basahin nang malakas sa action partner mo ang ipinangako mong gawin. Mangakong gagawin ang mga ipinangako mo! Lumagda sa ibaba.

ANG AKING MGA PANGAKO

Hahanap ako ng kahit 15 lang na bagong resources kada araw (kahit 75 kada linggo).

Bilugan ang iyong mithiin: 75 80 85

Gagawa ako ng kahit 10 contact lang kada araw (kahit 50 kada linggo).

(Ang ilan dito ay dapat na follow-up sa mga taong nakausap mo na.)

Bilugan ang iyong mithiin: 50 55 60

Makikipag-usap ako nang harapan sa kahit 2 lang na potential employer at iba pa kada araw (kahit 10 lang sa linggong ito).

Bilugan ang iyong mithiin: 10 12 14

Gagawin ko ang alituntunin sa My Foundation at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking ipon—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

Ang aking lagda

Lagda ng action partner

PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

Praktisin: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi,” o ang bilang kung ilang beses mong ginawa ang iyong ipinangako.

Mga Re-sources: nakatukoy ng kahit 15/araw, 75/linggo (Isulat ang #)	Mga Contact: nakagawa ng kahit 10/araw, 50/linggo (Isulat ang #)	Harapang pa- kikipag-usap: nagkaroon ng kahit 2/araw, 10/linggo (Isulat ang #)	Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)

Basahin: Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin ang pahina 13 at ang inside front cover.) Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipa-dala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.

Mga Resources

ARAW-ARAW NA PAGHAHANAP NG TRABAHO: KUWENTO TUNGKOL KAY ALBA

Pumili ng isang magbabasa ng sumusunod.

Dahil wala akong trabaho, naging desperado ako at dumating sa puntong wala na ni katiting na pag-asa, at ang Ama ko sa Langit na lang ang makakatulong sa akin. Ipinaramdam Niya sa isang tao na bisitahin ako at yayain sa self-reliance center, kung saan may sinisimulan sila na job search program na tinatawag na Accelerated Job Search. Isa itong strategy na nagtuturo kung paano mabilis na makakahanap ng trabaho. Ang laking blessing!

Dahil dito, nakita ko ang mga resources na naging daan para magkaroon ako ng permanenteng trabaho sa isang malaking ahensya ng gobyerno. Natanggap ako bilang tagapamahala ng communications department. Wala akong alinlangan na naging posible ito dahil sinagot ng Diyos ang mga dasal ko.

Bumalik sa pahina 81

ARAW-ARAW NA PAGHAHANAP NG TRABAHO: MGA RESOURCES

Magsalitan sa pagbasa ng sumusunod.

Sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, itinuro sa atin na “ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban. . . . Sapagkat ang kapangyarihan ay nasa kanila, kung saan sila ay kinatawan ng kanilang sarili.” At ang utos na ito ay may kasamang pangako: “At yayamang ang tao ay gumagawa nang mabuti hindi mawawala sa kanila ang kanilang gantimpala” (D at T 58:27–28).

Nauunawaan ng mahuhusay humanap ng trabaho na “ang kapangyarihan ay nasa kanila,” at tutulungan sila ng Diyos kung sila ay “sabik sa paggawa.” Tatalakayin natin ang strategy na subok nang mabisa sa paghahanap ng trabaho sa tatlong bahagi. Ang tawag dito ay Accelerated Job Search.

Una, ang matatagumpay na nakakahanap ng trabaho ay nakakapagtukoy ng 15 bagong resources kada araw. Pangalawa, nagkakaroon sila ng 10 contact kada araw. At pangatlo, mayroon silang kahit 2 harapang pakikipag-usap o interbyu kada araw.

Sa una, parang mahirap gawin ang Accelerated Job Search. Pero habang tinatalakay natin ang bawat aspeto, makikita ninyo na talaga palang posibleng mangyari ito—at epektibo!

Magsimula tayo sa mga resources. Ano ang resource? Ang resource ay tao, lugar, o bagay na makakatulong sa job seeker na magkaroon ng oportunidad.

Ang mga tao ay maaaring mga kaibigan at pamilya, mga miyembro at lider ng Simbahan, employer o kasamahan sa trabaho, guro sa paaralan at career counselor, mga empleyado sa tindahan—halos lahat ng puwedeng makapagbigay sa inyo ng makakatulong na impormasyon at karagdagang resources na may kinalaman sa trabaho.

Ang mga lugar ay maaaring chambers of commerce, mga lokal na ministry of employment, at mga samahang pangmamamayan o pangpropesyonal. Bawat isa sa mga ito ay nagbibigay ng impormasyon na makakatulong.

At kabilang sa mga bagay na makapagpapabilis ng inyong paghahanap ay ang mga business at telephone directory, mga web page ng kumpanya, ang Internet, mga trade journal at magasin, pahayagan, at iba pang mga media outlet.

Maglista ng kahit 15 lang sa mga ito araw-araw!

Bumalik sa pahina 82

(ARAW-ARAW NA PAGHAHANAP NG TRABAHO: MGA CONTACT

Magsalitan sa pagbasa ng sumusunod.

Pag-usapan natin ngayon ang tungkol sa mga contact. Ang contact ay hindi lang pagpapadala ng resume o pag-fill out ng application. Sa lahat ng mga resources na natukoy ninyo, kailangan lang ninyo ng 10 contact na may kinalaman sa trabaho.

Ang mga contact ay kinabibilangan ng anumang pakikipag-ugnayan ninyo sa mga tao na may kinalaman sa trabaho: pag-a-apply ng trabaho; pagpapadala ng résumé o thank-you note; pagsasabi sa mga kaibigan, pamilya, at mga miyembro ng Simbahan na naghahanap kayo

ng trabaho—makakatulong ang mga text message o email. Maaari din kayong maki-pag-ugnayan sa iba pang mga networking contact at, siyempre, sa mga potential employer. Humanap ng iba't ibang oportunidad na makaugnayan ang mga tao at ipaalam sa kanila na naghahanap kayo ng trabaho. Karamihan sa mga tao ay matutuwang ipakilala kayo sa ibang kakilala nila. Ang mga koneksyong ito ay humahantong sa mga interbyu, na humahantong sa mga trabaho!

Bumalik pahina 82

ARAW-ARAW NA PAGHAHANAP NG TRABAHO: MGA MITING/HARAPANG PAKIKIPAG-USAP

Magsalitan sa pagbasa ng sumusunod.

Sa huli, natutuhan ng mahuhusay humanap ng trabaho na mahalaga na talagang may makausap na kahit dalawang tao, nang harapan, kada araw. Maaaring ito ang pinakamahalaga ninyong magagawa sa bawat araw. Bakit? Kapag nagmimiting o nag-iinterbyu nang harapan mas nakakapag-usap at nagkakaunawaan. Ang mga tao ay kadalasang “nagsasalita” sa pamamagitan ng galaw ng katawan at ekspresyon ng mukha. At ang mga mensaheng ito na di-berbal ay hindi naipaparating sa pamamagitan ng email o telepono. Sa personal, makikita at madarama ng mga tao kung gaano kayo kahusay!

Gayundin, kapag personal o harapan kayong nag-uusap kadalasang nakikita at napapakiramdaman ninyo ang kapaligiran na maaari ninyong pagtrabahuhan. Nakikita ninyo kung paano nakikipag-ugnayan ang mga tao at kung gaano sila mapalakaibigan o gaano kasaya, ano ang mga kailangan o oportunidad ang naroroon, at kung paano kayo makakaakma sa mga kailangang iyon. Anumang uri ng interbyu ay napakagandang pagkakataon!

Ngayon, hindi lahat ng harapang pakikipag-usap araw-araw ay sa mga potential

employer. Maaari din kayong makipag-usap sa iba pang mga contact, kabilang na ang mga kaibigan, pamilya, at mga kaibigan ng mga kaibigan ninyo, pati na rin mga secretary, teacher, counselor, o ibang tao na nasa linya ng trabahong gusto ninyo. Basta makipag-usap lang sa mga tao! Sabihin sa kanila ang inyong “me in 30 seconds” at itanong sa huli kung may alam silang mapapasukan ninyo ng trabaho at kung may maipapakilala sila sa inyo na maaaring magbigay sa inyo ng trabaho. Ipagpatuloy lang ang pagsisikap, pagpapabatid ng magandang katangian ninyo, at paghingi ng tulong at payo. Napakaganda ng mga susunod na mangyayari!

Ito ang Accelerated Job Search o Pinabilis na Paghahanap ng Trabaho! Bawat araw, kung makakapaglista kayo ng 15 resources at magkakaroon ng 10 contact, magiging madali na ang harapang pag-uusap. Magugulat kayo kung gaano nito napabibilis ang paghahanap ninyo ng trabaho! Gawin ito nang may malakas na pananampalataya, at mabubuksan sa inyo ang mga oportunidad na di ninyo sukat akalain.

Bumalik sa pahina 82

ARAW-ARAW NA PAGHAHANAP NG TRABAHO: PINAGSAMA-SAMA ANG LAHAT

Magsalitan sa pagbasa ng sumusunod.

Ang tatlong bahagi ng Accelerated Job Search ay hindi magkakahiwalay na aktibidad. Kapag kumilos kayo, makikita ninyo na may mga resources kahit saan. Simulan ang bawat araw sa pagdaragdag sa inyong listahan. At kapag ginawa ninyo ito, mag-iisip kayo ng mga paraan na makontak ang mga tao, at ang pagkontak ay kadalasang nauuwi sa pag-uusap.

Ang self-reliance group ay malaking mapagkukunan ng mga resources, contacts, at mga miting. Gayundin ang mga miyembro ng Simbahan, kapitbahay, o kasamahan sa trabaho. Patuloy na magdagdag ng mga resources habang kinakausap ninyo ang

mga contact ninyo. Humingi ng iba pang mga contact kapag may nakausap ka nang personal. Humiling pa na mainterbyu para sa trabaho sa sinumang makilala ninyo.

Gamitin ang inyong “me in 30 seconds.” Ang Accelerated Job Search ay posibleng mangyari, at masaya ito kapag sinimulan na. Kaya huwag nang patagalin pa. Kausapin ang puwede ninyong makausap. Laging hingin ang gabay ng Espiritu Santo at manatiling karapat-dapat. Panatilihing updated ang rekord at mag-follow up. Kapag kumilos kayo, ipapakita sa inyo ng Panginoon ang daan.

Bumalik sa pahina 82

MGA RESOURCES, CONTACTS, AT MEETINGS FORM

MGA RESOURCES (gumawa ng listahan)	MGA CONTACT (phone, email)	MGA MITING (harapang pag-uusap)

ACCELERATED JOB SEARCH TRACKING FORM

Lagyan ng tsek ang mga kahon at magdagdag ng mga tala. Ipakita ang kabuuang bilang kada araw.

ARAW 1

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 2

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 3

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 4

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

ARAW 5

Mga Resources: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Contact: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Miting: Kabuuang Bilang Kada Araw _____

Mga Tala:

CONTACT FOLLOW-UP FORM

CONTACT

Tao o organisasyon: _____

Telepono: _____ Address: _____

Email: _____ Ni-refer ako ni: _____

Kinontak ko ang taong ito Oo Hindi Petsa: _____

MGA BAGAY NA TINALAKAY:

1. _____

2. _____

3. _____

MGA GINAWANG FOLLOW-UP:

1. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

2. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

3. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

MGA BAGONG REFERRAL:

1. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

2. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

CONTACT

Tao o organisasyon: _____

Telepono: _____ Address: _____

Email: _____ Ni-refer ako ni: _____

Kinontak ko ang taong ito Oo Hindi Petsa: _____

MGA BAGAY NA TINALAKAY:

1. _____

2. _____

3. _____

MGA GINAWANG FOLLOW-UP:

1. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

2. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

3. _____ Makukumpleto sa (petsa): _____

MGA BAGONG REFERRAL:

1. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____

2. Pangalan: _____ Telepono: _____ Fax: _____

Email: _____ Address: _____



6

*Paano ako magiging
mahusay sa trabaho at
patuloy na magtagumpay?*

My Job Search

PARA SA MGA FACILITATOR

Sa araw ng miting:

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan silang dumating nang mas maaga ng 10 minuto para ireport ang mga ipinangako nilang gawin.
- Ihanda ang mga materyal sa miting.

30 minuto bago magmiting:

- Ayusin ang mga silya paikot sa mesa para magkakalapit ang lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara.

Pangalan ng group member	Mga Resources: nakatukoy ng kahit 15/araw, 75/linggo (Isulat ang #)	Mga Contact: nakagawa ng kahit 10/araw, 50/linggo (Isulat ang #)	Harapang pag-uusap: nagkaroon ng 2/araw, 10/linggo (Isulat ang #)	Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)
Gloria	80	53	11	Oo	Oo	Oo

10 minuto bago magmiting:

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Pagdating ng mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

Sa pagsisimula:

- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone o iba pang device.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung nais ninyo).
- Tahimik na sabihin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang mga phone at kumpletuhin ang commitment chart habang ipinagpatuloy ng grupo ang talakayan.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation*.
- Gawin ang alituntunin 6 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.



MAGREPORT

TINUPAD KO BA ANG MGA IPINANGAKO KONG GAWIN?

Oras: I-set ang timer nang 20 minuto para sa section na Magreport.

Praktisin: Ireport natin ang mga ipinangako nating gawin. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga ipinangako. (Pumalakpak.)

Basahin: Ngayon, magsitayo ang lahat. Ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements:

“At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin.”

Doktrina at mga Tipan 104:15

Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayong maging self-reliant.

Basahin: Magsiupo tayo.

Talakayin: Ano ang natutuhan ninyo nang matukoy ninyo ang mga resources, gumawa ng mga contact, at nagkaroon ng miting o harapang pag-uusap?



PAG-ARALAN

PAANO AKO MAS HUHUSAY SA TRABAHO?

Oras: I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.

Basahin: Matapos makakuha ng magandang trabaho, kailangan nating mapanatili ang trabahong iyon at mas humusay rito. Kailangang magpakahusay tayo bilang empleyado sa abot ng ating makakaya.

Basahin: TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ako mas huhusay sa trabaho at patuloy na magtatagumpay?

GAGAWIN SA LINGGONG ITO— (1) Magpapakahusay ako sa trabaho, (2) papatunayan ko sa employer na kapaki-pakinabang ako, at (3) ipaplano ko ang aking career.

Panoorin: “Hindi Ko Problema Iyan” (Walang video? Basahin ang pahina 108.)

Talakayin: Bakit sinabihan ni Joseph, na boss, sina Gloria at Anthony na lutasin ang sarili nilang mga problema?

Panoorin: “Iyan Ay Problema Ko” (Walang video? Basahin ang pahina 109.)

Talakayin: Sa pag-ako ng responsibilidad, naging mas kapaki-pakinabang sina Gloria at Anthony sa kanilang employer. Bakit?

Basahin: Huhusay tayo sa trabaho kung patuloy nating gagamitin ang lahat ng tools o paraan na napag-aralan natin sa paghahanap ng trabaho:

1. Pagkakaroon ng mga contact at pagbubuo ng ating network.
2. Malinaw na pakikipag-usap sa iba at pagpapakita ng magandang ugali at hitsura.
3. Pagiging masipag at pagpapatunay sa employer na kapaki-pakinabang tayo.

PAANO KO GAGAWIN ANG RESPONSIBILIDAD KO PARA MATULUNGAN KO ANG AKING EMPLOYER?

Basahin: Pinahahalagahan ng mga employer ang ilang empleyado kaysa sa iba. Ang kapaki-pakinabang na mga empleyado ay nagpapasok ng mas maraming pera o kumikita nang mas malaki para sa kumpanya kaysa sa gastos sa kanya ng kumpanya.

Talakayin: Paano nakakatulong ang pagtulong ninyo sa inyong employer?

Praktisin: Kunwari ay ikaw si Joseph, ang may-ari ng kumpanya, at isipin kung ano ang gagawin mo sa tatlong empleyado na ito. Sa bawat empleyado mo gagastos ka ng para sa suweldo, kagamitan, at iba pa. At bawat empleyado mo ay magpapasok ng pera mula sa paggawa ng produkto, pagbebenta, o pagseserbisyo sa kustomer.

BENJAMIN



Nakapagpasok ng: 50000
Gumastos ang kumpanya ng: 53000

Tubo/Lugi: **-3000**

GLORIA



Nakapagpasok ng: 26000
Gumastos ang kumpanya ng: 25000

Tubo/Lugi: **1000**

ANGELA



Nakapagpasok ng: 45000
Gumastos ang kumpanya ng: 25000

Tubo/Lugi: **20000**

Ilapit ang silya ninyo para makausap ang katabi ninyo. Magkasamang sagutin ang mga tanong na ito:

1. Sino ang pinaka kapaki-pakinabang na empleyado?
2. Sino ang pinaka di-gaanong kapaki-pakinabang na empleyado?
3. Kung may 2000 na bonus kayong ibibigay sa isang tao, sino ito?
4. Kung walang pagbabago sa pinaka di-gaanong kapaki-pakinabang na empleyado ninyo, tatanggalin ba ninyo ang taong iyon?
5. Kung may isang kumpanya na gustong kunin ang pinakamahusay na empleyado ninyo para magtrabaho sa kanila, tataasan ba ninyo siya ng suweldo para hindi siya mawala sa inyo?

Pag-usapan ninyo ng buong grupo ang mga sagot ninyo.

Talakayin: Bilang buong grupo, talakayin kung paano kayo higit na magiging kapaki-pakinabang na empleyado.

6. Paano ako magiging mahusay sa trabaho at patuloy na magtagumpay?

Praktisin: Ilapit ang silya ninyo para makausap ang katabi ninyo. Pag-usapan ang bawat tanong at isulat ang inyong mga ideya.

Para sa inyong kasalukuyang trabaho o sa hinahanap ninyong trabaho, paano ninyo:

1. Magagawang makapagdagdag ng mga bagong kustomer sa inyong negosyo?

2. Mas magagawang maging mas masaya at mas tapat ang mga kasalukuyang kustomer?

3. Hihikayating bumili pa ang mga kasalukuyang kustomer ninyo?

4. Mapapataas ang kalidad at presyo ng produkto?

5. Matutulungang makabayad nang mas mabilis o mas maaga pa ang mga kustomer ninyo?

6. Matutulungan ang kumpanya na madagdagan ang kita sa ibang paraan?

PAANO KO MATUTULUNGAN ANG EMPLOYER KO NA MABAWASAN NG GASTOS?

Basahin: Bilang mga kapaki-pakinabang na mga empleyado, humahanap din tayo ng paraan na mapaliit ang gastos.

Talakayin: Paano kayo makakatulong sa pagbawas ng gastos?

Basahin: Sa pangalawang video, may magandang ideya si Anthony: gawan ng iskedyl ang maintenance ng makina. Nalaman niya kung paano mabawasan ang gastos ng employer niya. Ipinapakita sa chart na ito ang difference. Sa ideya ni Anthony, makaka-save ang employer niya ng malaking pera—14500 sa loob ng limang taon! Kapag ipinakita ito ni Anthony sa kanyang boss, makikita ng employer na mapapakinabangan talaga si Anthony!

	GASTOS KUNG WALANG MAINTENANCE SCHEDULE		GASTOS KUNG MAY MAINTENANCE SCHEDULE		
	Repair	Replace	Maintenance	Repair	Replace
Taon 1	2000		100	0	0
Taon 2	2000		100	500	0
Taon 3		10000	100	0	0
Taon 4			100	500	0
Taon 5	2000		100	0	0
Kabuuang Gastos	16000		1500		

6. Paano ako magiging mahusay sa trabaho at patuloy na magtagumpay?

Praktisin: Ilapit ang silya ninyo para makausap ang katabi ninyo. Magsalitan. Tingnan kung gaano karaming sagot ang malalaman ninyo!

1. Ilarawan sa isa't isa ang inyong trabaho o ang trabahong hinahanap ninyo.
 2. Sa bawat isa sa mga trabaho ninyo, alamin ang lahat ng ideyang maisip ninyo tungkol sa kung paano:
 - Makakapag-save ng oras
 - Paghusayin ang proseso
 - Mas maiingatan ang mga makina o produkto
 - Mababawasan ang mga pagkakamali
 3. Isulat ang magagandang ideya at sikaping isagawa ito sa pinagtatrabahuan ninyo bago ang susunod na miting natin. Kung wala pa kayong trabaho, isipin ang mga paraan na maaari ninyong ihanda ang sarili upang maisagawa ang mga ideya ninyo kapag natanggap na kayo sa trabaho.
-
-

PAANO AKO MAGIGING RESPONSABLE SA AKING TRABAHO?

Basahin: Basahin nang sabay-sabay ang banal na kasulatan sa kanan.

Talakayin: Ang inyo bang kasalukuyang trabaho (o ang trabahong hinahanap) ninyo ay tutulungan kayong maging self-reliant? Naniniwala ba kayo na tutulungan kayo ng Panginoon na makapaghanda sa mas magandang trabaho? Paano Niya gagawin iyan?

Panoorin: “Siya ay Nagtatayo ng Palasyo” (Walang video? Basahin ang pahina 110.)

Talakayin: Ano ang natutuhan ninyo sa video na ito? Ano ang nadama ninyo?

Praktisin: Ilapit ang silya ninyo para makausap ang isa pang miyembro ng grupo.

1. Ilarawan sa isa’t isa ang inyong trabaho o ang trabahong hinahanap ninyo.
2. Ilarawan ang trabahong gusto ninyo sa darating na dalawa o apat na taon. Pareho pa rin ba iyon ng dati o iba na?
3. Pag-usapan kung ano ang pakiramdam na may sapat na pera kayo para makapunta sa templo, makapagmisyon, o makatulong sa iba.
4. Isulat kung ano ang napag-usapan ninyo sa mga kahon na ito.

“Sapagkat winika ng Panginoong Diyos na: Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain.”

2 NEPHI 4:4

KALAGAYAN MO NGAYON

KALAGAYANG GUSTO MONG MARATING

--	--

OPSYONAL NA AKTIBIDAD: PAANO MAKAHANAP NG MENTOR NA TUTULONG SA AKIN NA MAGTAGUMPAY

(HUWAG GAWIN ANG AKTIBIDAD NA ITO SA ORAS NG MITING.)

Kung gusto ninyo maaari ninyong gawin ito bago ang susunod na miting natin:

Ang mentor ay makakatulong sa inyo na malaman ang mga patakaran at inaasahan sa trabaho na hindi na kailangan pang sabihin sa inyo. Pag-aralan ang pahina 111.

6. Paano ako magiging mahusay sa trabaho at patuloy na magtagumpay?

ANONG MGA TOOLS O TULONG ANG KAILANGAN KO PARA MAKAMIT ANG MGA MITHIIN KO?

- Basahin:** Ngayon may mga ideya na tayo kung anong kalagayan ang gusto nating marating, paano tayo makakarating doon? Basahin natin ang banal na kasulatan sa kanan.
- Talakayin:** Mabibiyayaan ba kayo ni Cristo nang temporal? Kasama ba riyang ang pagtulong sa inyo na makakuha ng trabaho, manatili sa trabaho, at mas humusay sa trabaho?
- Basahin:** Ang Panginoon ay magbibigay sa atin ng mga karanasan sa ating trabaho upang tulungan tayong magtamo ng mga kasanayan at kaalaman. Inaasahan din Niya na magtatamo tayo ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral at paghahanda. Maraming trabaho ang para lamang sa mga taong may degree o sertipiko. Tinutulungan tayo ng edukasyon na mas humusay sa trabaho at maging mas kapaki-pakinabang sa ating mga employer.
- Praktisin:** Ilista ang mga skill o kasanayan at kaalaman na kailangan mo para magawa ang magiging trabaho mo balang araw. Ilista ang mga paraan na matatamo ang mga ito. Ano ang mga susunod mong hakbang sa iyong landasin? (May ibinigay na halimbawa.)

“Sapagkat hindi pa kayo nakalalapit maliban sa ito ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas.”

2 NEPHI 31:19

MGA POSISYON NA GUSTO MO	MGA KASANAYAN AT KAALAMANG KAILANGAN MO	MGA PARAAN PARA MAGKARON NG KASANAYAN AT KAALAMAN	SUSUNOD NA HAKBANG
Construction Manager	Skills sa Engineering Skills sa Pagpapalano Skills sa Paglutas ng Problema Mga kasanayan o skills sa pakikipag-usap sa iba	Mga klase sa vocational o technical school o engineering degree sa kolehiyo	Sumali sa “Education for Better Work” self-reliance group para sa susunod kong hakbang.



PAG-ISIPANG MABUTI

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA UMUNLAD?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

Praktisin: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o umisip ng ibang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan mo. Isulat sa ibaba ang anumang impresyon mo.

Talakayin: Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi ng ideya?

“Makinig sa mga salita ng Panginoon. . . . Huwag mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala.”

MORMON 9:27

6. Paano ako magiging mahusay sa trabaho at patuloy na magtagumpay?



MANGAKONG GAWIN

PAANO AKO UUNLAD SA BAWAT ARAW?

Oras: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

Praktisin: Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo magkakausap.

Pangalan ng action partner

Contact information

Basahin nang malakas sa action partner mo ang ipinangako mong gawin. Mangakong gagawin ang mga ipinangako mo! Lumagda sa ibaba.

ANG AKING MGA PANGAKO

Kung wala pa akong trabaho, pabilisin ko ang paghahanap ng trabaho.

Pagbubutihin ko ang aking trabaho sa pagiging responsible rito.

Gagawin ko ang alituntunin sa My Foundation na pinag-aralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking ipon—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

Ang aking lagda

Lagda ng action partner

PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

Praktisin: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi.”

Pinabilis ang paghahanap ko ng trabaho (Oo/Hindi)	Pinagbuti ang trabaho ko (Oo/Hindi)	Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)	Nagdagdag sa ipon na pera (Oo/Hindi)	Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)

Basahin: Sa ating susunod na miting, gagawin nating muli ang self-reliance assessments para malaman kung mas nagiging self-reliant tayo. Kailangan nating dalhin ang ating *My Path to Self-Reliance* booklet. Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin ang pahina 13 at ang inside front cover.) Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.

Paalala sa Facilitator:

Para sa susunod na miting, magdala ng limang ekstrang kopya ng *My Path to Self-Reliance*.

Ang nalalabing mga miting ay may pagka-kaiba sa mga naidaos nang mga miting. Basahin ang materyal bago ang susunod na miting at maging handa sa pagsagot sa mga tanong.

Mga Resources

HINDI KO PROBLEMA IYAN

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

JOSEPH (ANG BOSS): Gloria, na-late ka ng tatlong oras.

GLORIA: Pasensya na, Joseph. Kulang kasi ako sa tulog. Nagkasakit kagabi ang anak ko kaya hating-gabi na ako nakatulog.

JOSEPH: Hindi ko na problema iyan.

GLORIA: Hindi pa tumunog iyong alarm clock ko kaninang umaga.

JOSEPH: Hindi ko na problema iyan.

GLORIA: Kaya noong handa na akong umalis, nakalagpas na iyong unang bus.

JOSEPH: Hindi ko pa rin problema iyan.

GLORIA: Noong nasa bus stop na ako, hindi ko pala nadala iyong pamasaha ko sa bus.

JOSEPH: Hindi ko na problema iyan.

GLORIA: Kaya hindi na naman ako nakasakay sa pangalawang bus dahil kailangan kong umuwi para kumuha ng pera.

ANTHONY: Ah, pasensya na kung ma-abala ko kayo, pero sira iyong makina at nagtatagas ng fluid kung saan-saan.

JOSEPH: Anong makina?

ANTHONY: Hindi ko alam kung ano iyon. Pero, ito iyong nasa likuran ng mga istante. Wala si Thomas ngayon, siya iyong mada-las magpaandar ng makina.

JOSEPH: Hindi ko na problema iyan.

ANTHONY: Kaya sinimulan ko nang paandarin iyong makina pero nagbara.

JOSEPH: Naku. Hindi ko na problema iyan.

ANTHONY: Siguro naman may manwal para dito, pero hindi ko alam kung nasaan na iyon.

JOSEPH: Okey, okey. Tumigil na kayong dalawa! Anthony, Gloria, **kayo** ang lumutas ng problema!

Bumalik sa pahina 98

IYAN ANG PROBLEMA KO

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

JOSEPH: Anthony, tawagan mo nga si Thomas para malaman kung kailan siya babalik galing sa kliyente? Kailangan pa natin ng fluid para sa makinang iyan.

ANTHONY: Alam kong kailangan natin ng fluid. Bumili na ako at ako na ang nag-salin sa makina.

JOSEPH: Ano? Hindi mo na hinintay si Thomas? Ayokong sirain mo na naman ang makina.

ANTHONY: Alam ko nang gamitin ang makina. Nakita ko ang manual, iniuwi ko, pinag-aralan, at bumalik para ayusin ang makina. Ngayon kahit nasa kustomer si Thomas, kaya ko nang mag-asikaso rito.

JOSEPH: Ang galing naman.

ANTHONY: At hindi lang iyan. Gumawa ako ng maintenance schedule para dito para maiwasan ang anumang problema.

JOSEPH: Salamat, Anthony. Natutuwa talaga ako at inaasikaso mo ito.

ANTHONY: Dapat lang naman. Kasi problema ko iyan.

JOSEPH: [Sa sarili] Wow, nag-improve na talaga si Anthony. Sulit ang ipinasuweldo sa kanya ngayon.

JOSEPH: O, Gloria. Paano ka nakarating dito? Tumawag si Angela at sabi niya hindi siya makakapasok ngayon sa trabaho kasi

nag-strike ang mga tsuper ng bus. Akala ko hindi rin kayo makakapasok ni Benjamin.

GLORIA: Alam ko nang magkakaroon ng strike ang mga tsuper ng bus, kaya kina-usap ko na si Benjamin na isabay ako sa sasakyan niya kapag natuloy iyong strike.

JOSEPH: Mabuti naman at naisip mo kaagad iyan.

GLORIA: Naisip ko rin na baka mahaba ang pila sa mga gasolinahan, kaya binigyan ko na ng pera si Benjamin at itinanong kung okey lang ba sa kanya na magpagasolina na bago matuloy ang strike.

JOSEPH: May pera ka para diyan?

GLORIA: Oo, nagtatabi ako ng pera para sa pamasaha, kaya ginamit ko iyan na pang-gasolina. Sinundo namin ni Benjamin si Angela kaya narito kaming lahat.

JOSEPH: Gloria, salamat at naisip mo na kaagad na mangyayari ito. Kailangan talaga ng mga kustomer natin na narito kayong tatlo ngayon.

GLORIA: Siyempre naman, Joseph, problema ko iyan.

JOSEPH: [Sa sarili] Muntik ko pa siyang tanggalin sa trabaho. Samantalang tatlong empleyado ang katumbas niya ngayon.

Bumalik sa pahina 98

NAGTATAYO SIYA NG PALASYO

Pumili ng isang magbabasa ng sumusunod.

